
Marido. *m.* Ang asaua nang babayi.

Marimacho. *m* Babaying ang anyo,i, lalaqui.

Marimorena. *f. Fam.* Ingay ó áuay.

Marina. *f.* Ang lupang nasasacop nang isang reino, ciudad, provincia, etc., na na sa tabí nang dágat. Sundalong dágat

Marinaje. *m* Ang catungculan nang manga sundalong dágat. Catipunan nang manga magdaragat.

Marinero. *m.* Ang tauo sa dágat na nagsisilbi sa manga sasacyan.

Marinezco, ca. *adj.* Ang nauucol sa manga marinero.

Marino, na. *adj.* Ang nauucol sa dágat.

Mariposa. *f.* Paroparó; gamogamó.

Mariquita. *f. Fam. d.* María.

Mariscal. *m.* Ang naglalagay nang patos na bacal sa paá nang manga cabayo. – *De Campo.* Pangalaua nang Teniente general

Mariscar. *a* Mangapis; manahong; manuô sa dágat.

Marisco. *m.* Tungcol isdang may manga balat, na para nang capis, tahong, talabá, susô, etc.

Marisma. *f.* Lupang lumulubog cun laquí ang túbig sa dágat.

Marital. *adj.* Ang nauucol sa lalaquing asaua.

Marítimo, ma. *adj.* Ang nauucol sa dágat ó ang tumutubò roon para ng isdâ, capis, etc., etc

Marlota. *f.* Caugaliang pananamit nang manga moro na tila sayo.

Marmita. *f.* Palayoc na tangsô ó bácal na may taquip at may tangcay na bácal.

Marmiton. *m.* Ang batang utusan sa cosinà

Mármol. *m.* Ngalan nang bató.

Marmolista. *m.* Ang gumagauâ nang manga ca-

sangcapang mármol at nagbibilí nang mármol.

Maroma. *f.* Lúbid na malaquí.

Maronita. *m. pl.* Manga binyagan sa bundoc ng Líbano.

Marqués. *m.* Título nang mataas na pagcaguinoo.

Marquesa. *f.* Ang babaying asaua nang marqués

Marquesado. *m.* Camáhalan ó pagcaguinoo nang marqués. Lupang nasásacop nang marqués.

Marquesina. *f.* Panaquip sa ulan, na súcat másilungan sa párang.

Marqueta. *f.* Tinápay ó pagquit na hindî yarì.

Marrano, na. *m.* y *f.* Báboy damong pinaamò.

Marrar. *n.* Magcámalî; málihis sa matouid.

Marroqui y Marroquin, na. *adj.* Tagá Marruecos ó ang caugalian doon.

Marsellés, sa. *adj.* Taga Marsella ó ang caugalian doon.

Martillada. *f.* Hampás nang martillo.

Martillar. *a.* Pucpuquin nang martilló.

Martillo. *m.* Pamucpoc na bácal.

Martin del rio. *m.* Ibon.

Martin pescador. *m.* Ibong mangingisdâ.

Martina. *f.* Isdang parang palos ó pabucang binhî.

Mártir. *com.* Ang nagtitiis nang camátayan sa pagibig cay Jesucristo at pagtatangol nang caniyang manga utos.—*met.* Ang matagal at mapagtiis nang cahirapan.

Martirio. *m.* Ang camátayan ó ang cahirapang dinálitâ dahil sa pagíbig cay Jesucristo ó pagsunod nang caniyang manga utos.

Martirizar. *a.* Magpasáquit.

Martirologio. *m* Ang libro nang manga mártires.

Marzal. *adj.* Ang nauúcol sa buan nang Marzo

Marzo. *m.* Icatlong buan nang taón.

Mas. *adj.* Lalò; marami.

Masar. *a.* *Amasar.*

Mascar. *a.* Nguyain; ngungoin.

Máscara. *f.* Susongsusong papel, na guinauang muc-hang tauo at itinaquip sa muc-bâ at nang dî máquilala.

Masculino, na. *adj.* Ang nauucol sa lalaqui.

Masilla, ta. *f. d.* Ang salāping tinitipon ng̃ mg̃a sundalo sa canilang capitan, na inilalaan sa canilang dinároamit.

Maslo. *m.* Punò nang buntot ng̃ mg̃a háyop.

Mastelero. *m Naut.* Ang albor na muntî, na nacagapos sa dulo nang albor na malaqui nang alinmang sasacyan.

Mastigador. *m.* Ang inilálagay sa bibig nang manga cabayo, na tila freno at nang hindî macacain.

Matacandelas. *f.* Pamatay nang ilao.

Matadero. *m.* Ang pinagpápatayan nang manga háyop na ipinagbibilí sa bayan.

Matafuego. *m.* Pamatay nang súnog. Catungculang mamatay nang súnog.

Matalotaje. *m.* Ang paghahandâ nang pagcaing dinadala sa sasacyan. —*met. Fam.* Ang capisanan nang sarisaring manga bágay na hindî nagcacaayos.

Matanza. *f.* Ang pagpatay, unauna sa mangá baboy. Bunton ng̃ manga háyop na pápatayin. Ang pagcacámatayang gauâ nang pagaáuay ó sa ibang paraan.

Martar. *a* Pumatay. —*Piojo en la cabeza.* Omónay.— *r. De no poder conseguir algun gusto.* Magbigti.

Matarife. *m.* Mámamátay nang baboy.

Matasanos. *m.* Masamang mangagamot.

Matasiete. *m.* Mayábang.

Materia. *f.* Nanà; lugà.

Maternal. *m.* Ang nauucol sa iná.

Maternidad. *f.* Ang pag cainá.

Materno, na. *adj.* Ang nauúcol sa iná.

Matiz. *m.* Ang pagcaca-

salit nang sarisaring cúlay.

Matizar. *a.* Magsalit-salit nang cúlay.

Matorral. *m.* Ang parang na maráuag at masúcal.

Matoso, sa. *adj* Maráuag ó macáhoy.

Matraca. *f.* Pagupac; palacpac. Birò.

Matraquista. *com.* Ang nagpapagupac ó nagpapalacpac.

Matricida. *com.* Ang pumatay sa caniyang iná.

Matricidio. *m.* Ang casalanang pagpatay sa iná.

Matrícula. *f.* Listang quinátatalaan nang ngalan nang manga tauo sa isang capisanan ó catungculan.

Matricular. *a.* y *r.* Italâ ang ngalan sa listahan ó matrícula.

Matrimonial. *adj.* Nauucol sa matrimonio.

Matrimonio. *m.* Isa sa manga sacramento nang Sta. Iglesia.

Matritense. *adj.* Taga Madrid ó ang caugalian doon.

Matriz. *f.* Bahay batà.

Matrona. *f.* Babaying guinoo at banal, na nagcacalingà sa isang pamamáhay. Híiot.

Matronal. *adj.* Ang náuucol sa matrona.

Matutina. *adj* Ang nátutungcol sa mga oras sa umaga.

Maula. *f.* Bágay na ualang halagá. Pagupa sa hindî niya alilà.—*com.* *Fam.* Mapangútang na magbáyad dilì. Dayang pailalim.

Maulería. *f.* Tindahan ng manga retazo ó pinagtatabasan nang sarisaring cayo. Pagdarayà; etc.

Maulero. *m.* Ang nagbíbilí nang pinagtabasan nang sarisaring cayo. —*met.* Sinungáling at magdarayà.

Maullar. *n.* Ngumiao.

Maullido. *m.* Ngiao.

Maullo. *m.* Pagngiao.

Mausuleo. *m* Báunan ó líbingang marilag.

Máxima. *f.* Punong áral na inaalinsúnod.

Máxime. *adj* *m.* y *f.* La-

longlalò.

Máximo. *m. adj. sup.* Lubhang malaquí ó ualang casing laquí sa caniyang camuc hâ.

Mayo. *m.* Icalimang buan nang taón.

Mayor. *m.* Ang punò sa alinmang capisanan. Ang matandâ sa lahat. Malaquí.

Mayora. *f.* Asaua nang mayor.

Mayoral. *m. ant* Ang nagpupunò sa alinmang capisanan, na pinangánganlang cuerpo ó comunidad. Ang pinacapunò nang manĝa pastol, na nagaalagà nang manĝa háyop Punò nang manĝa cochero.

Mayordoma. *f.* Asaua nĝ mayordomo.

Mayordomear. *a.* Mamahalà sa báhay ó sa pagaarì.

Mayordomía. *f.* Ang catungculan nang mayordomo.

Mayordomo. *m.* Ang punò nang manĝa alilà ó ang pinagcacatiualaan nang pagaarì sa loob nang báhay.

Mayúscula. *f.* Letrang malaquí.

Mazmorra. *f.* Bílanguan sa ilálim nang lupà.

Mazo. *m.* Palacol na pangasod ó pamucpoc.

Mazorca. *f.* Pusò nang mais at ibá pang catulad nitó.

Meada. *f.* Ihì.

Meadero. *m.* Iihan.

Meadas. *m. pl* Manĝa ihì.

Mear. *n* y *a.* Umihì.

Mecedero. *m* Panghalò; panĝogoy.

Mecedura. *f* Paghalò; pagogoy. Pagloglog.

Mecedor, ra. *m.* y *f.* Panghalò; panĝogoy; pangogog.

Mecer. *a* y *r.* Ugain; ogoguin; ogoyin; galauin; logloguin.

Mecha. *f.* Timsim.—*Pabilo* Mitsá.

Mechar. *a* Magmitsá; magtimsim.

Mechear. *f* Casangcapang guinagámit sa paglalagay nang mitsá.

Mechero. *m.* Pinaglalag-

yan nang mitsá ó timsim.

Mechoso, sa. *adj*. Maraming mitsá ó timsim.

Media. *f*. Guitnâ; calahatì. —*Ganta*. Caguitnâ; cáguitnaan.—*Libra*. Calahating librá.—*Noche*. Hating gabí.

Mediación. *f*. Calahatian; Caláguitnaan.

Medianero, ra. *adj*. Ang namamaguitan ó nagtatangcácal.

Mediano, na. *adj*. Ugalì; hindî malaqui ni hindî muntî. Hindî marami; hindî cácauntî.

Mediante. *p. a*. Sa pamamaguitan. — *adv*. Sa pagca; alangálang; sa dahilan.

Mediar. *n*. Mácalahatì. Mamaguitan; magtangcácal Pumaguitnâ.

Mediato, ta. *adj*. Malápit.

Medicamento. *m*. Gamot.

Medicastro. *m*. Mangagamot na hindî nagaáral.

Medicina. *f*. Arte nang pangagamot.

Medicinal. *adj*. Cagámutan.

Medicinar. *a*. Gumamot; gamutin.

Medición. *f*. Pagsúcat.

Médico, ca. *adj*. Nauucol sa pangagamot.—*m*. y *f*. Mangagamot

Medida. *f*. Tacalan; panúcat.— *De una braza*. Pangdipá.—*De siete gantas*. Pítuhang salop.— *De tierras de cien brazas de largo y ciento de ancho*. Quiñon.—*De cien brazas de largo y diez de ancho*. Balitang. — *De diez brazas cuadradas*. Loang. — *De una ganta*. Salop.—*De una chupa*. Gátang.

Medio, dia. *adj*. Calahatì; guitnâ; paguitan. — *Podrido*. Bilasâ.—*Crudo*. Sálabsaban.—*Dia*. Tanghalì — *Maduro*. Manibalang.—*Dormido*. Alimpúngat. — *Peso*. Isang salapî. — *Real*. Sicolo.— *Entre dedos ó piernas*. Ngingì.

Medir. *a*. Tumacal; sumucat; tumarol.

Meditación. *f*. Pagaalaala; pagninilaynílay; paguauarì.

Meditar. *a.* Magaalaala; maguarì; magnílay.

Mediterráneo, nea. *adj.* Paguitan nang dalauang lupà.

Medra. *f.* Paglagô; pagdami; paglaquí; pagtubò.

Medrar. *n.* Lumagô; tumubò; dumami; lumaquí.—*met.* Yumaman.

Medroso, sa. *adj.* Matatacutin. Ang natatácot.

Médulo. *f.* Laman nḡ loob nḡ butó ó útac sa butó.

Mejicano, na. *adj.* Tagá Méjico ó ang caugalian doon.

Mejilla. *f.* Pisnḡí.

Mejor. *adj comp.* Magaling; mabuti; mahánḡay.

Mejora. *f.* Muláing; lamang; táuad; galing; buti.

Mejorar. *a.* Mamulaing; lumamang; tumáuad; gumaling; bumuti; guminhaua.

Melada. *f.* Guináyat na tinápay na pinalutong sa baga at babad sa pulot.

Melado, da. *adj.* Cúlay pulot.

Melancolía. *f.* Pighatî; sindac; lumbay; na malaquí at laguì.

Melancolizar. *a.* y *r.* Magpighatî; masindac; malumbay ó magbigay pighatî; magbigay sindac; magbigay lumbay.

Melena. *f.* Buhoc sa itaas nang noo.

Melenudo, da. *adj.* Malagô ang buhoc.

Melero. *m.* Magpupulot. Pinagtataguan nang pulot.

Melindre. *f.* Isang bágay na cacanin. Pagtutumpictumpicang nacayayamot.

Melindroso, sa. *adj.* Mapagtumpic; pihican.

Melon. *m.* Milon.

Melonar. *m* Ang lupang may tanim na milon.

Melonera. *m.* Ang nagtátanim ó nagbíbilí nang milon.

Mella. *f.* Tipô; binḡao; binḡás.

Mellado, da. *adj.* Tipô; binḡao; binḡas.

Mellar. *a.* Matipò; mabinḡao; mabinḡas.

Mellizo, za. *adj.* Cambal.

Membrudo, da. *adj.* Pisisigán.

Memento. *m pl* Ang dalauang bahagui nang canon nḡ misa, na iniaalala sa manḡa buhay at patay na bininyagan

Memo, ma. *adj.* Mangmaug ó mapagmaangmaanḡan.

Memorar. *a* Magalaala; magisip.

Memoria. *f.* Alaala.—*Amorosa.* Guiliu.

Memorial. *m.* Librong tandaan; súlat na daing ó pagmamacaauà

Memorialista. *m.* Ang mangagauâ nang caráinḡan.

Memorioso, sa. *adj.* Matatandain.

Menaje. *m.* Casangcapan sa loob nang báhay.

Mención. *f.* Pagpapaalaala; pagbanguit

Mencionar. *a.* Magsaysay; ipaalaala.

Mendicación. *f.* Panghihinḡî nang limos.

Mendicante. *adj. pl.* Ang manḡa nagpapalimos.

Mendigar. *a.* Magpalimos ó manghinḡî nḡ limos.

Mendigo. *m.* Ang nanghíhinḡî nang limos.

Mendiguez. *f.* Ang pagpapalimos.

Mendoso, sa. *adj.* Máliin.

Menear. *a.* y *r.* Galauin; tugoyin; yaniguin.—*La medida para que quepa más.* Ologuin.—*La cola del perro.* Mamaipoy.—*La cabeza mostrando enojo.* Nḡálit.—*Algo con espeque.* Hicuatin.—*La medida para que se llene.* Iliguin.—*El pié refregando con él ó quitando alguna cosa que está en el suelo.* Solasurin.—*La vasija para que quepa más en ella.* Itactac.—*La cabeza como el que amenaza.* Tumalingting.—*Mucho el cuerpo.* Humaroharó.—*Los piés y piernas estando hablando.* Manḡuyácoy.—*r.* *Los dientes ó lo mal encajado.* Onḡî—*La casa cuando andan por ella.* Tínag.—*r.* Togoy.—*Algo.* Quislot.—*Cosa blanda como la gordura ó man-*

jar blanco. Quinoy.—*Algo* Quilos.—*El hombre cuando anda.* Loay.—*La casa.* Ambúyog.—*Como piojo en la cabeza* Quiao.—*El pescado en el agua.* Púsag.—*Mucho caminando* Candos—*Cosa mal clavada* Cansot. *La criatura en el vientre de su madre.* Hílab.—*Las ramas, hojas ó plumaje con el viento.* Loay.—*De un lado á otro* Uásing.—*Como culebra.* Igual.—*Con el viento el vestido.* Lamping.—*El licor en la vasija.* Simpoc

Meneo. *m.* Ang galao ng catauan.—*Lascivos, menearse.* Guinday.—*Lascivos.* Guíray.—*Del que camina.* Taraytaray.

Menester. *m.* Cailangan

Menesteroso, sa. *adj* Salat.

Menestra. *f.* Bulanglang—*pl.* Manga gúlay na tuyô.

Mengua. *f.* Ang pagcucúlang. Ang caculangan nang anomang bágay. Cahirapan; cailangan at casalatang tinitiis sa anomang bágay.

Menguado, da. *adj.* Duag; mahinà ang loob. Mangmang.

Menguante. *f.* Ang pagcucúlang ó pagcatuyô nang manga ílog.—*Pequeña.* Alangaang.—*Del mar.* Cati. Paglamlam nang ilao ó pagcucúlang nang buan.

Menguar. *n.* Magcúlang; cumati; tumagas.

Menor. *adj.* Bunsô; muntî

Menoría. *f.* Ang cababaan. Cabataan.

Menorquin, na. *adj.* Taga Menorca ó ang caugalian doon.

Menos. *adj.* Cúlang; pa subalì

Menoscabo. *m.* Pagcucúlang.

Menospreciar. *a* Hamaquin ó ariing hámac

Menosprecio. *m.* Paghámac.

Mensaje. *m.* Pasabi; pasugò.

Mensajero, ra. *f.* y *m.* Sugò.

Menstruación. *f.* Ang nagdáraan buanbuan sa babayi.

Menstrual. *adj* Ang nauucol sa panahon nang manga babayi.

Menstruar. *n* Magcaroon nang panahon ó saquit nang tiyan ang babayi.

Menstruo. *m.* Ang nananaog sa manga babayi buanbuan.

Menstruosa. *adj.* Ang babaying may saquit nang tiyan.

Mensual. *adj.* Balang isang buan.

Mentado, da. *adj.* Bantog; balità.

Mente. *f.* Bait ó ang ipinangyáyari nang cáloloua.

Mentecatería. *f.* Camangmangan; caculangan ng bait.

Mentecatez. *f.* *Mentecatería.*

Mentecato, ta. *adj.* Oslac; mangmang; cúlang nang bait.

Mentidero. *m* *Fam.* Ang lugal na pinaglulumpunan nang manga naggayongayon.

Mentir. *n.* Magsinungaling; magbulaan; maglicuadlicuad.

Mentira. *f.* Casinungalingan; cabulaanan. Ang malî nang manga súlat, limbag, etc.

Mentiroso, sa. *adj.* Sinungáling; bulaan.

Menudear. *a.* Magparating gumauâ nang anoman. Saysaing isa isa ó isúlat na isa isa ang anoman.—*n.* Magsalitâ ó sumúlat nang manga bágay na ualang cabuluhan na hindî dápat.

Menudo. *m.* Pagpaparati ó pagmamaralas gumauâ nang anoman. Pagsasaysay na lubhang matalastas. Pagbibilí nang tingî ó untíuntî

Menudero, ra. *m* y *f.* Ang naquiquipagtungo ó naquiquipagbílihan nang tingî ó untíuntî.

Menudo, da. *adj.* Maliit; muntî; manipis.

Meñique. *m.* Cálingquingan.—*adj.* *Fam.* Lub hang maliit.

Meon, na. *adj* Palaihî ó

ihiin. — *Fam.* Babaying batà na bagong panganac

Mequetrefe. *m.* Tauong pangahas, mapangguló at dî paquinabangan.

Merca. *n Fam.* Pinamilí.

Mercadear. *n.* Maquitungo at mangalácal.

Mercader. *m.* Magcacalacal.

Mercadera. *f.* Babaying asaua nang mercader.

Mercadería. *f.* Mga cayo at iba,t, iba pa na na sa almacen.

Mercado. *m.* Parian ó tindahang pinagcacapisanan nang maraming maninindá at mamimili nang sarisarì.

Mercaduría. *f.* *Mercadería.*

Mercancía. *f.* Pamimilí at pagbibilí nang iba,t, ibang calácal.

Mercante. *m.* Mángangalacal.

Mercantil ó mercantivo. *adj.* Ang nauucol sa mercadería.

Mercar. *a.* Mamilí; bumilí.

Merced. *f.* Caloob; biyayà.

Mercenario. *m.* Upahan ó nagpapaupa nang arao.

Mercería. *f* Pagtutungo at pangangalácal nang tigcacaunting halagá.

Mercero. *m.* Ang nangangalácal nang cauntî.

Mercurial. *f.* Isang bágay na pananamit, na gayon ang ngalan. Ang nauucol sa Mercurio.

Mercurio. *m.* Azogue. Planetang malápit sa arao.

Merchante. *m.* Ang nagbabauas.

Merecer. *a* Márapat.

Merecido. *m.* Ang parusang catampatan sa sinomang may sala.

Merendar. *n.* y *a.* Magminindal.

Merendona. *f.* *aum.* Minindal na saganà

Merengue. *m.* Matamis na putî nang itlog at azúcal.

Merienda. *f.* Pagcaing magaan bago humapon.

Mérito. *m.* Ang dápat malamang biyayà ó parusa ayon sa caniyang carapatan ó gauang sala.

Meritorio, ria. *adj.* Ang dapat ipagcamit nang bihis ó biyayà. Ang nagsisilbi sa alinmang oficina na ualang upa.

Mes. *m.* Buan.

Mesa. *f.* Dúlang.

Mesada. *f.* Ang salapî ó ibang bágay na ipinamamáyad buanbuan.

Mesar. *a.* Sumabúnot.

Mesero. *adj.* Ang upahan nang buanan na may pagcain.

Mesías. *m.* Si Jesucristo.

Mesiazgo. *m.* Ang carapatan nang Mesías

Mesón. *m.* Cárihang may tulugan at caballeriza.

Mesonaje. *m.* Ang quinálalagyan nang maraming cárihan.

Mesonero, ra. *m.* y *f.* Magcacarí.—*adj.* Ang nauucol sa tauong nañgañgasiuà sa carí.

Mesquino, na. *adj.* Tauong masamâ at hámac. Maramot, etc.

Mesta. *f.* Ang pagpupúlong nang mañga may arì nang mañga háyop.

Mestizo, za. *adj.* Ang mañga anac nang magasauang iba,t, ibang dugô, para nang castilà at tagálog, tagálog at insic.

Mesura. *f.* Cabinian; cahinhinan.

Mesurado, da. *adj.* Mabinì; mahinhin.

Meter. *a.* Isoot; ipásoc; ipaloob; ipalaman.—*Algo en cesto ó agujero.* Isulot.—*Algo en la cintura ó pretina.* Isucbit —*Algo en la cinta como puñal.* Isalucsoc. — *Bocado.* Sumubò. — *Algo en ceniza para que se ase.* Isubsob.—*El dedo ó palillo en los ojos.* Súrot.—*La mano en el agua para probarla.* Daodao. — *r. Entre muchos* — Gumiit. — *r. Debajo de algo agachándose.* Sumucab.—*En lugar estrecho.* Sumaliñgit; sumíñgit.

Mezcla. *f.* Paghahalò; halò; sahog.

Mezclar. *a* y *r.* Maghalò; maglahoc; magsahog.—*Agua fria al agua caliente.* Magbantô.—*Con arroz ú otros gra-*

nos. Quisà.—*r*. Hambulà.—*Y desmoronarse algo*. Gaogao.

Mezquindad. *f*. Caruchaan; casalatan; caramutan; caimotan; pagcacait; ígot.

Mezquino, na. *adj*. Duchâ; salat; marámot; maímot; maígot.

Mezquita. *f*. Simbahan nang hindî binyagan.

Miedo. *m*. Tácot; laguim.

Miedoso, sa. *adj*. *Fam* Matatacutin.

Miel. *f*. Pulot.—*Recocida*. Bagcat; balas.

Mientras. *adv*. Samantala; hangang.

Mierda. *f*. Táe.

Mies. *f*. Ohay.

Miga. *f*. Ang dacong loob na malambot nang tinápay.

Migaja. *f*. Mumo nang canin ó tinápay.

Migar. *a*. Magpirapirasó nang tinápay.

Mijo. *m* Daua.

Mil. *adj*. Libo.

Milagro. *m*. Himalâ.

Milagroso, sa. *adj*. Mapaghimalâ.

Milano. *m*. Lauin.

Milésimo. *adj*. Icalibo

Millón. *m*. Sampong yutà.

Mimar. *a*. Magpalayao.

Mimbre. *m*. Báguing.—*Con que se tege el corral de pesca*. Yantoc ó diliman.

Mimbrera. *f*. Punong sadyâ na pinagmumulan at capisanan nang maraming baguing.

Mina. *f* Lungâ sa ilálim nang lupà na páraanan nang túbig.—*De oro*. Dulungan.

Minador, ra. *m*. y *f*. Ang gumagauâ nang lungâ.

Minar. *a*. Humúcay at magbucas nang daan sa ilálim nang lupà.

Minorar. *a*. Bauasan.

Minoración. *f*. Pagbababauas.

Minorativo, va. *adj*. Macababauas.

Minucioso, sa. *adj*. Ang totoong maurirà ó madiuarà.

Minuciosidad. *f*. Ang cauriraan ó cadiuaraan.

Minúscula. *f*. Letrang muntî.

Mio, ia. *pron. poses*. Aquin.

Miope. *com*. Ang malápit

ang tingin; nagaaninao.

Mirada. *f.* Suliap; títig na nagpápaháyag nang pagibig. Pagtingin.

Mirado, da. *adj* Ang mabait ó mahinahon.

Mirador, ra. *adj.* Ang tumátanao.—*m* Tánauan; batyauan. — *De cañas.* Langolango.

Miramiento. *m.* Pagtingin. Gálang; pacundangan.

Mirar. *a.* Tumingin; magdangan.—*Notando.* Aninao.—*Torciendo la cabeza.* Bumaliling.—*Con enojo.* Umírap. — *Hácia atrás.* Lingong licod.— *De acá para allá como atronado.* Lumingos.— *Clavando los ojos.* Tumítig; lumingos. —*Lo que dá contento.* Manood.—*De lado brevemente con gravedad.* Sumílay.—*Al desaire como el enojado.* Lumíling.— *Al soslayo.* Sumuliap. —*De lejos.* Tumanao. —*De lejos contemplando su hermosura y grandeza.* Tanghalin. —*Hácia abajo.* Tumungó.— *Hácia arriba.* Tumingalâ.—*r.* *Al espejo.* Manganino.—*Lo tú.* Bantayan mo.

Miserable. *adj.* Salang palad; abang tauo; cahabaghabag. Marámot; salat at umid.

Miseración. *f.* Auà; habag

Miserear. *n.* Magdamot

Miseria. *f.* Cahirapan; casalatan.

Misericordia. *f.* Auà; habag.

Misericordioso, sa. *adj* Maáuain; mahábaguin.

Mísero, ra. *adj.* *Miserable.* Ang maibiguing maquinyig nang maraming misa. Ang paring gumágauâ nang maraming misa.

Misión. *f.* Ang pagpapalalá. Ang paglalacbay sa bayanbayan nang manga religiosa sa paglalátag nang Evangelio.

Misionario. *m* *Misionero.*

Misionero. *m.* Ang religiosong naglalátag nang Evangelio.

Mismo, ma. *pro.* Cun ano

ó cun sino ang naquitang una siya ring naquitang hulí.—Iyan din ó ganian din.

Mistela. *f.* Isang bágay na iniinom.—*De coco.* Tinamis.

Misterio. *m.* Talinhagà.

Misto, ta. *adj.* Halohalò.

Mistura. *f.* Paghahalo-halò ó pagsasamasama nang mang̃a bágay.

Misturar. *a* Maghalò ó magsama.

Mitad. *f.* Calahatì; calahatian; caláguitnaan.

Mitigación. *f.* Paglulubay ó pagbabauas nang bang̃is nang anomang bágay.

Mitigar. *a* Maglubay; magbauas ang mang̃a bágay na mabang̃is.

Moblar. *a.* Maglagay ng̃ casangcapang pamuti nang báhay.

Mocadero. *m.* Pamáhid ng̃ úhog.

Mocarro. *m.* Ang úhog na nacabitin sa ilong, na nacaling̃atang hindî pinapáhid. Isang bágay na larô.

Mocedad. *f.* Cabataan.

Mocero. *adj.* Maibiguin sa babayi.

Moceton, na. *m.* y *f.* Ang tauong batà, mataas at malaqui ang pang̃ang̃atauan.

Moción. *f.* Balisa ng̃ loob.

Moco. *m* Úhog.—*Seco.* Culáng̃ot.

Mocoso, sa. *adj.* Uhuguin.

Mochil. *m.* Alilà nang magsasacá

Mochila. *f.* Ang sisidlan ng̃ damit, pagcain, etc., nang mang̃a sundalo.

Mochilero. *m* Ang tagapagdala nang muchila nang mang̃a sundalo.

Moda. *f.* Caugaliang lumalacad ng̃ pananamit.

Modelo. *m.* Hóuaran.

Modenés, sa. *adj* Taga ciudad nang Módena ó ang caugalian doon.

Moderación. *f* Casiyahan sa anoman. Paghahalagang na sa catouiran.

Moderado, da. *adj.* Ang na sa casiyahang, casucatan ó calaguitnaan.

Moderar. *a.* Ilagay sa casucatan.

Moderno, na. *adj.* Bago ó hindî pa nalalaon.

Modestia. *f.* Cahinhinan.

Modesto, ta. *adj.* Mahinhin.

Modificación. *f.* Paglalagay nang manga bágay sa canicaniyang carampatan.

Modificar. *a* Maglagay sa carampatan nang manga bágay.

Modista. *com.* Ang sumusunod sa uso. Ang gumagauâ ó nagtitindá nang uso.

Modo. *m.* Ang paguucol nang manga bágay sa isang túnay na calagayan. Gálang; pitagan.

Modorra. *f.* Hilic.

Modorrar. *a.* Maghilic.

Modorro, ra. *adj.* Ang may saquit na hilic.

Mofa. *f.* Libac; oyam; tuyâ.

Mofador, ra. *m* .y *f.* Mapanglibac; mapangoyam; mapanuyâ.

Mofar. *a.* Manlibac; mangoyam; manuyâ.

Moflete. *m.* *Fam.* Pisnging matabâ, na tila namamagâ

Mofletudo, da. *adj.* Pisngihan.

Mogollon. *m.* Paquiquisalamuhà nang hindî tinatauag ó inaanyayahan. Caraniuang uicain sa cumacain nang hindî niya hánap.

Mogollote. *m* Punsó; bundocbunducan.—*pl.* Manga súngay nang usá, na bagong tumutubò hangang sandangcal ang habà.

Moharra. *f.* Sibat na muntî, sa tagdan nang bandilà.

Mohatra. *f.* Pagbibilihang líhim at báual na may patubò

Mohecer. *a* y *r.* Magcaámag ó amaguin.

Mohina. *f.* Gálit.

Mohino, na. *adj.* Nagagálit. Cabayong cúlay azabache. Nalulumbay. Ang nagiisang naquiquilarô sa marami.

Moho. *m.* Pananim ó punlâ. Amag. Catámaran

Mohoso, sa. *adj* Maámag.

Mojada. *f.* Pagcabasâ.

Mojadura. *f.* *Mojada*

Mojar. *a.* Bumasâ; mabasâ.

Mojicon. *m.* Suntoc sa muc-hâ.

Mojiganga. *f.* Pistang malaquing maraming nagsusuot nang máscara at manga hitsurang háyop. Alinmang bágay na caibá na tila nagbibirô.

Mojigato, ta. *adj* Nagcucunuay mababang loob masunod lamang ang caniyang nasà sa pagcacataon.

Mojon. *m.* Hangahan; hanga nang lupà.

Mojonación. *f.* *Amojonamiento* Paglalagay ng moson.

Mojonar. *a.* *Amojonar.* Maglagay nang moson.

Mojonera. *f.* Lugal na pinaglalagyan nang manga moson.

Molde. *m* Búbuan; limbagan.

Moldura. *f.* Pamuting guinagauâ sa arquitectura at escultura.

Molderar. *a.* Gumagauâ ng manga moldura.

Mole. *adj.* Malambot.—*f.* Calac han nang bunton nang anomang bágay at gayon din sa cabigatan.

Molécula. *f.* Munting bahagui nang isang boô, na dî sucat mapaghatì ó mabahagui.

Moledero, ra. *adj.* Ang maliliguis.

Moledura. *f.* Ang pangliguis Ang dami nang liniguis na paminsan.

Molendero, ra. *adj* Mangliliguis.

Moler. *a* Dumicdic; dumúrog; lumiguis — *En molino* Gumíling. — *Caña dulces.* Magalilis.

Molero. *m.* Mangagauà ng ngipin ng guilingan.

Molestar. *a.* Magbigay abala; magbigay súcal sa loob ó sirain ang catahimican nang iba.

Molestia. *f.* Cabalisanhan; cagalitan ó camuhian.

Molesto, ta. *adj.* Ang nacagagálit; nacaabala at nacamomohî.

Moleta. *f.* Batong pangliguis nang manga color. Casangcapan nang impresor na ipinangliliguis nang tinta sa tintero. Ang panghasà at pangbuli nang cristal.

Molicie. *f.* Calambutan; cainaman. Casalanang mahálay.

Molienda. *f.* Pagliguis; pagdúrog; pagdicdic. Ang dami nang liniguís na paminsan. Líguisan ó guilingan. Capaguran.

Molificación. *f.* Pagpapalambot

Molificar. *a.* Magpalambot.

Molificativo, va. *adj.* Macapagpapalambot.

Molinera. *f.* Asaua nang molinero.

Molinero, ra. *adj.* Ang natutungcol sa molino.—*m.* Ang may ingat na molino, manguiguiling.

Molinete. *m.* Bilingbilingan. Molinete

Molinillo. *m.* Pangliguis na muntî. Pangculabó

Molino. *m.* *De azúcar.* Alilisan. – *De arroz* Guilingan.

Molitivo, va. *adj* Macapagpapalambot.

Molondro ó molondrón. *m.* Tamad; batugan; anyayà, at cúlang sa áral

Mollar. *adj.* Ang malambot at madaling hatiin ó basaguin.

Mollear. *n.* Mahúbog na magisá ó madaling hubuguin.

Molledo. *m.* Manga lamang mabilog na ualang butó sa catauan nang háyop. Tinápay na durog.

Molleja. *f.* Balombalonan. Mabilog na lamang tumutubò sa ilálim nang balat nang háyop.

Mollejón. *m.* *aum.* *De molleja.* Tauong matabâ at mahinà ó lubhang malambot na loob.

Mollera. *f.* Bumbunan.

Molleta. *f.* Gunting na pangalís nang titis nang candilà Tortang may halong gatas na sadyang pangregalo.

Mollete. *m.* Tinápay na mabílog at buhaghag ang loob at maputî. Pisnging matabâ at mabílog.

Molletudo, da. *adj.* Iniuucol sa tauong matabâ ang manga pisngí.

Mollina. *f.* Ulang marahan.

Mollizna. *f.* Ambón

Molliznar ó molliznear. *n.* Umambon.

Momentáneo, nea. *adj.* Sumásumandalî.

Momento. *m* Sandalî. Cabuluhan; caocolan ó bigat na muntî.

Momería. *f.* Ang pagbibirô sa bibig at quilos nang catauan.

Momia. *f.* Catauang may bálsamo nang mga unang tauo sa Egipto

Momio, mia. *adj.* Payat at ualang tabâ.

Momo. *m.* Pagngiuî at iba pang anyô nang catauan sa pagcacatouâ at pagpapatauá sa manga pistá.

Mona. *f.* Matsing na babayi, amô

Monacal. *adj* Ang nauucol sa mga monjes.

Monacato. *m.* Ang cauculan, caugalian at pagcatatag ng mga monjes.

Monacillo. *m.* Municilio.

Mcnacordio. *m.* *Clavicordio.* Isang bágay na tumutugtog.

Monada. *f.* Pagoolololo-lang nacagagalit.

Monago ó monaguillo. *m.* Municilio.

Monaquismo. *m.* Ang calagayan at pagganap nang monacato.

Monarca. *m.* Haring macapangyarihan sa isang reino ó estado.

Monarquía. *f.* Ang nasasacupan nang isang monarca.

Monárquico, ca. *adj* Ang nauucol sa monarca.

Monasterial. *adj.* Ang nauucol sa convento nang manga monjes.

Monasterio. *m.* Convento nang manga monjes.

Monástico, ca. *adj.* Ang nauucol sa calágayan nang manga monjes ó monasterio.

Monda. *f.* Ang paglinis nang manga cáhoy cun pinuputol ang manga sangang tuyô, etc , etc.

Mondadiente ó mondadientes. *m* Panghiningá.

Mondadura. *f.* Pagaalis nang labis ó nang hindî casama. Pagtatálop ó pagcacaayos nang manga bágay na tinatalupan, quinacayasan ó sinasapsapan.

Mondaorejas. *m.* Panghinulí.

Mondar. *a.* Magtálop; sumapsap; magcayas; magcalis; maglinis; magbáloc. Magpútol nang buhoc, etc.

Mondejo. *m.* Isang bágay na panicsic sa tiyan ng̃ báboy ó tupa.

Mondo, da. *adj.* Malinis, etc.

Mondonga. *f.* *Fam.* Hámac na tauag sa mg̃a alilang babayi para ng̃ tagapagpunas nang sahig, etc.

Mondongo. *m.* Ang mg̃a bitucang malaquí; tiyan nang háyop lalò ang tupa.

Mondonguero, ra. *m.* y *f.* Magmiminundencia.

Moneda. *f.* Salaping guintô, pílac ó tansô, etc., etc., etc.

Monedaje. *m.* Ang derechos na ibinabayad sa harì sa pagpapagauâ ng̃ salapî.

Monedar ó monedear. *a.* Gumauâ nang salapî.

Monedería. *f.* Ang oficio nang mangagauà ng̃ salapî.

Monedero. *m.* Ang gumagauâ at nagmamarcá nang salapî.

Monería. *f.* Pagng̃iuî at ibá pang quilos nang catauan na caugalian ng̃ mang̃a matsing.—Bágay na ualang cabuluhan.

Monesco, ca. *adj.* *Fam.* Ang ugalì nang mang̃a matsing ó ang caparis ng̃ mg̃a pagng̃iuî at pagmumuc-hâ ng̃ matsing.

Monetario. *m.* Caramihan ng̃ salapî at medalla ng̃ iba,t, ibang panahon at lugal. Ang capisanan ng̃ mg̃a quinalalagyan nito. Ang pinagtataguan at quinalalagyan ng̃ mang̃a ganitong bágay.

Monfí. *m.* Ng̃alang itinatauag sa mang̃a morong mang'oloob at mangharárang

Monición. *f.* Pagpapaháyag ó pagtatáuag sa Simbahan.

Monigote. *m.* Ng̃alang itinatáuag nang caramihan sa mang̃a religiosong lego. Tauong ualang málay.

Monillo. *m* Pananamit na lapat sa catauan nang

babayi mulâ sa balicat hangang bayuang na ualang ladlaran ni mangas.

Monipodio. *m. Fam.* Usapang pinagcasunduan ng manga tauong nagpisan sa paggauâ nang masamâ

Monís. *f.* Bágay na maliit at mariquit.

Monises. *pl.* Salapî.

Monitor. *m.* Ang nagpapaháyag ó nagtatáuag sa Simbahan.

Monitoria. *f.* Súlat ó utos na tinatangap sa pagpapaharap sa ibá sa tribunal eclesiástico at ng magsaysay nang nalalaman at itatanong sa caniya.

Monitorio, ria. *adj.* Ang nagpapaháyag ó nagsasabi.

Monja. *f.* Monja, etc.

Monje. *m.* Monje.

Mono, na. *adj.* Matsing, amô ó baculao, etc

Montaña. *f.* Bundoc.

Montañés, sa. *adj* Ang nauucol sa bundoc. Ang tagacabunducan nang Burgos.

Morar. *n.* Manahan sa alinmang lugal.

Mórbido, da. *adj.* Dahilan ó naguiguing dahilan ng manga saquit.

Morbo. *m.* Saquit. Ang nauucol sa tinatauag na bubas ó gálico.

Morcilla. *f* Bituca nang báboy ó baca, na may lamang dugô na may halong recado.

Morcillero, ra. *m.* y *f.* Ang gumágauâ ó nagbibilí ng morcillas

Mordaza. *f.* Panípit. Casangcapang ilinalagay sa bibig at nang dî macapangúsap

Mordedura. *f.* Ang pagcagat ó ang súgat na gauâ ng cagat.

Morder. *a.* Cumagat — *Con los dientes delanteros.* Quibit. — *El cayman.* Cusab.— *Con fuerza cosa dura.* Cumulit. —*Como el peje al cebo.* Quibit. — *Como descortesando fruta.* Cabcab.— *Sacando parte de la carne del coco.* Quibquib.

Mordicación. *f. Picazon.*

Ang ating nararamdamán cun minsan, na ang tauag nang caramihan tagulabay ó tila pinagdurô nang dulo nang carayom na macatí.

Mordicante. *p. a.* Nacatatagulabay.

Mordicar. *a.* Cumatí na parang sinisiguid ó quinacagat.

Mordicativo, va. *adj.* Nacacácati; nacatatagulabay.

Mordido, da. *adj.* Quinagat ó may cagat.

Mordiente. *m.* Bágay na nacatitibay nang cúlay ó color na itinitinà sa damit,

Mordiscar. *a.* Cumagat nang bahagyâ.

Mordisco. *m.* *Mordiscón.*

Mordiscón. *m.* Ang nacucuha nang manga ngipin sa pagcagat. Cagat na marahan.

Moreno, na. *adj.* Cayumanguing magúlang.

Morera. *f.* Cáhoy na ganoon ang ngalan.

Moribundo, da. *adj.* Ang malápit nang mamatay.

Morigeración. *f.* Casucatan sa caugalian at pangbubuhay.

Morigerar. *a.* Ilagay sa casucatan ang paguugali.

Morir. *n.* Mamatay, etc., etc.

Morisco, ca. *adj.* Ang nauucol sa moro.—*m.* Morong binyagan.

Morisqueta. *f.* Dayang lalang na sadyang caugalian nang manga moros. —*Manila.* Canin —*Seca al sol.* Balantuguî.—*Blanda.* Malathî.—*Dura.* Batuhan.—*Quemada pegada á la olla.* Culilì; tutong.—*Enfriada en la misma olla.* Panghal.

Mormullo. *m.* *Marmullo.* Ugong.—*De gente* Hagunhong; alingaongao. —*De las aguas.* Lagusao nang túbig.

Moro, ra. *adj.* Ang tubò sa Mauritania provincia nang Africa.—*Fam.* Ang álac na ualang halong túbig, etc., etc.

Morral. *m.* Matongmatungan ó súpot na may pálay, na isinasabit sa ulo nang háyop cun pinacacain.

Morrión. *m.* Isang bágay na isinusuot sa ulo, na cun minsa,i, may plumaje, na gamit sa pagbabaca.

Mortaja. *f.* Sápot.

Mortal. *adj.* Sucat macamatay ó macamamatay, etc.

Mortandad. *f.* Pagcaca matay.

Morterete. *m.* Cañong muntî nang artillero na palaguing guinágamit sa sa pagsalbá, etc.

Mortero. *m.* Lusong na munting dicdican. Ngãlan nang armas 'de fuego sa artillería, etc.

Mortífero, ra. *adj.* Ang macamamatay.

Mortificación. *f.* Ang pagbabauas nang ugaling casiglahan nang alinmang casangcapan nang catauan. Pagpapasaquit sa sariling catauan. Capighatian ó súcal nang loob.

Mosáico, ca. *adj* Ang nauucol cay Moysés. Bató ó cáhoy na pinamutihan nang sarisaring cúlay Bágay na palicaolicao; hagdanan at iba pa.

Mosca. *f.* Langao; bangao.

Moscarda. *f.* Háyop na tila langao; bangao.

Moscardón. *m* Háyop na tila bangao. Bubúyog. Tauong hindî máacmâ sa alinmang bágay.

Moscovita. *adj* Ang nauucol sa Moscovia.

Mosqueo. *m.* Ang pagbugao nang langao.

Mosquero. *m* Pangbugao nang langao.

Mosquil. *adj.* Ang nauucol sa langao.

Mosquino, na. *adj.* *Mosquil.*

Mosquitero, ra. *m* y *f.* Culambô.

Mosquita. *m.* Lamoc. —*De vino ó vinagre* Gamogamó. — *Muy pequeño.* Nicnic —*Fam* Ang mapagpalagui sa tindahan nang álac

Mostaza. *f* Quiluâ, etc., etc., etc.

Mostrar. *a.* Magpaquita. Magsaysay; magpaunauà. —*r.* Magpaquita ng carampatan sa caniyang catungculan ó calágayan.

Mota. *f.* Himulmol na pi-

napútol nang gunting sa anomang habing di-náramit. Hilachá. — *En los ojos.* Puing, etc., etc.

Motín. *m.* Paglaban nang bayan sa manga pinunò. Lungon.

Motivar. *a.* Magbigay dahilan. Maghánay nang matouid.

Motón. *m.* Calô sa mga sasacyan. Tangcalag.

Movedizo, za. *adj.* Madaling gumalao ó galauin. —*met* Hindî mápanatag at madaling magbago ang acalà.

Movilidad. *f.* Ang pagbabago,t, bago nang manga bágay.

Movimiento. *m.* Ang paggalao ó pagugâ — *Del ánimo.* Cabalisanhan ng loob. — *Del que está sentado.* Iuas, etc., etc., etc.

Mozo, za. *adj.* Bagongtauo ó dalaga.— *De mediana edad.* Talobata. — *En las casas.* Utusan, etc., etc.

Muceta. *f.* Pananamit na ipinapatong sa balicat nang manga Obispo at ibinibitonis sa harapan, etc., etc.

Mucosidad. *f.* Bágay na malápot na parang úhog.

Mucoso, sa. *adj.* Táuag na guinagamit sa mga bágay na nápaparis sa úhog.

Mucronata. *adj.* Ang casangcapan nang catauan, na matigas sa laman at malambot sa butó, na nacalagay sa bungangà nang sicmurà na ang táuag ay ternillo.

Muchachada. *f.* Anyô at quilos nang manga batà.

Muchachear. *n.* Magásal batà.

Muchachería. *f.* Pagaásal batà. Caramihan nang manga batang maíngay.

Muchachez. *f.* Calágayan nang batà

Muchacho, cha. *adj. m.* y *f.* Batang sumúsuso. Ang hindî pa sumasapit sa pagbabagongtauo.

Muchedumbre. *f.* Caramihan nang anomang bágay.

Mucho, cha. *adj.* Marami.

Muda. *f.* Ang pagbibihis. Bihisan, etc., etc

Mudanza. *f.* Pagbabago,t, bago nang anomang bágay.

Mudar. *a.* Magbago; magibá nang anyô ó lugal. —*Vestido.* Magbihis.—*El harigue* Magúsoc. —*La pluma de las aves.* Mangúlag —*Astas el venado* Mamungol. — *Pellejo el que se escalde.* Lapnós. — *De parecer.* Magbago nang hátol, pasiyá, etc. — *De una parte á otra.* Maglípat; lumípat.

Mudo, da. *adj.* Pipi ó humal, etc., etc.

Mueble. *adj.* Pagaari ó casangcapan sa loob nang báhay.

Muela. *f.* Batong panliguis; batong hasaan ng patalim. Bagang etc., etc.

Mueblaje ó moblaje. *m* Catipunan nang casangcapan sa loob nang báhay.

Mueblaje. *m* Buis na sinisingil sa manga sasacyang domóroong.

Muelle. *adj.* Malambot na patalim at iba pa na gumagalao at nagpapagalao sa anoman, etc., etc.

Muerte. *f.* Camátayan; pagcamatay, etc., etc.

Muerto, ta. *p. p* Patay; etc., etc

Muesca. *f* Sábac ó cútab na paglalapatan nang anoman. —*En el coco para subir por él.* Libà; tiab.

Muestra. *f.* Tandang súcat pagcaquilalanan ng anomang bágay. Materia sa pagsúlat, etc., etc

Mugido. *m.* Ungâ nang manga baca.

Mugre. *f.* Libag.

Mugriento, ta. *adj* Malibag.

Muharra. *f.* Báca sa dulo nang tagdan nang bandilà.

Muger. *f.* Babayi.—*Estéril.* Báog. — *Preñada.* Buntis; dalang tauo. — *Desenvuelta.* Dalahirà. —*A quién falta la regla.* Láyag, etc., etc.

Mujeriego, ga. *adj* Ang nauucol sa babayi. La-

laquing mapangálunyâ. Caramihan nang babayi.

Mujeril. *adj.* Nauucol sa babayi.

Muladar. *m.* Tapunan ng̃ dumí ó yaguit.

Mular. *adj.* Ang nauucol sa mula ó mula.

Mulatero. *m.* Ang nag-aalagà nang mula.

Mulato, ta. *adj.* Cayumanguing magúlang.

Muleta. *f.* Ang cáhoy na may pahalang na isinasalalay sa quiliquili at nang macalacad ang pilay.

Muletada. *f.* Caramihan nang mula.

Muleto, ta. *m.* y *f.* Mulang muntî at batà

Multa. *f.* Dusang salapî

Multar. *a.* Magparusa ng̃ salapî.

Multiforme. *adj.* Ang maraming hitsura ó mang̃a bágay

Multiplicación. *f.* Ang pagdami.

Multiplicador. *m.* Nagpaparami.

Multiplicando. *m.* Ang pararamihin ó pinararami.

Multiplicar. *a* y *n* Magparami ó dumami.

Mundo. *m.* Ang calac-han nang lupà. Sandaigdigan, sanglibutan, etc., etc.

Munición. *f.* Mang̃a casangcapang cailang̃an ng̃ isang hocbó.

Munificencia. *f.* Cará-ng̃alan.

Munífico, ca. *adj.* Marang̃al.

Munificentísimo, ma. *adj.* Lubhang marang̃al.

Muñeca. *f*, Tauotauohang laruan nang mg̃a batà. —*De la mano.* Galangalang̃an, etc.

Muñeco. *m.* Batabataan; manicà.

Muñecar. *a.* Pagalaogalauin ang camay.

Mural. *adj.* Ang nauucol sa cutà

Muralla. *f.* Cutà ó canlung̃an sa pagbabaca.

Murar. *a.* Maglagay ng̃ cutà ó canlung̃an sa paquiquibaca.

Murciélago. *m.* Bayacan. —*Pequeño.* Cacabag ó cabagcabag.

Murmujear. *a.* Magmurá ó magbubulong

Murmullo. *m.* Magulong cáingayan.

Murmuración. *f.* Pagmumurá sa hindî náquiquita.

Murmurar. *a.* Umugong ang ágos nang túbig Magbubulong ó . mangúsap nang hindî máintindihan ang may gálit Maguica ó magmurá sa hindî caharap ó naquiquita.

Musa. *f.* Isá sa manga Diosdiosang nagtitirá sa manga bundoc at gúbat na sinasabi sa manga fábula.

Muselina. *f.* Ngalan ng cayo. Marsolina.

Museo. *m.* Lugal na sadyang nalalaan sa pagaáral nang manga carunungang para nang música, pintura at ibá pa, etc , etc.

Música. *f.* Caramihan ng mga músicong nagsisitugtog. Tungcol nacauiuiling paquingan, etc , etc.

Musical. *adj.* Ang nauucol sa música.

Músico, ca. *m* y *f.* Ang nagaáral nang música. Ang marunong nang música.

Muslo. *m.* Hità,

Musulman. *m* Campon ni Mahoma.

Mutilación. *f.* Pagcapútol nang alinmang casangcapan ng catauan.

Mutilar. *a.* Pumútol ó pagputol nang alinmang casangcapan ng catauan.

Muy. *adv.* Lubhâ – *Bueno.* Lubhang mabuti. —*Muy malo.* Lubhang masamâ.

Nácar. *m.* Capis. Ang cacúlay nang loob nang capis ay tinatauag namang gayon. Ang cúlay nang capis.

Nacarado, da. *adj.* Cúlay loob nang capis, etc.

Nacer. *n.* Ipanganac.—*De piés.* Suhî.—*El sol, la luna,* etc. Sumícat; sumílang.—*Plantas ó animales.* Tumubò, etc., etc.

Nacido, da. *adj.* Ipinanganac; tumubò

Nacimiento. *m.* Capangánacan. Ang pangangánac sa ating P. Jesucristo. Ang pagtubò ó pagsipot nang alinmang pananim ó binhî.

Nación. *f.* *Nacimiento.* Pagtubò; pagsipot. Catipunan nang manga nananahán sa sang provincia, ciudad ó reino.

Nacional. *adj.* Ang nauucol sa nación.

Nacionalidad. *f.* Pagcauili nang loob sa bayang tinubuan ó ang manga carapatan nito.

Nada. *f.* Ualâ.—*a.* Langoy lumalangoy.

Nadadera. *f.* Casangcapang guinágamit sa pagaáral nang paglangoy. Timbulan.

Nadadero. *m* Lugal na lánguyan.

Nadar. *n* Lumangoy.—*Boca arriba* Himbalangay.—*Dando con los piés.* Timbol.

Naguas. *f* *pl.* *Enaguas.* Sayang pangilalim; panuson.

Nalga. *f.* Piguî.

Nalgada. *f* Ang tinatauag na cabilugan sa laman nang báboy.

Nalgudo, da. *adj.* Ang matamboc ó malintog ang piguî.

Nao. *f* Sasacyan.

Napolitano, na. *adj.* Taga Nápoles ó ang caugalian doon. Tumubò roon

Naranja. *f.* Bunga ng luc-

ban. Bala na casinglaqui nang lucban.—*Grande y colorada* Suhà.

Naranjado, da. *adj.* Cúlay suhà.

Naranjal. *m.* Lugal nang maraming punò nang lucban.

Naranjo. *m.* Punò nang lucban.

Narcótico, ca. *adj.* y *m.* Pangpatúlog.

Narigón. *adj.* Malaqui ang ilong.

Nariz. *f.* Ilong.

Narración. *f.* Pagsasaysay; casaysayan.

Narrar. *a.* Magsaysay.

Narrativo, va; ó narratorio, ria. *adj.* Ang nauucol sa pagsasaysay ó nagsasaysay.

Nasa. *f.* Bubong na panghuli ng̃ isdâ; lambat na panalà na tila mangas ang tabas.

Nasal. *adj.* Náuucol sa ilong.

Nata. *f.* Tabâ nang gatas.

Natal. *adj.* Ang nauucol sa capang̃ánacan.—*m* Capang̃ánacan ó arao ng̃ capang̃ánacan.

Natalicio, cia. *adj.* Ang nauucol sa arao nang capang̃ánacan.

Natatil. *adj* Lumalang̃oy.

Natatorio, ria. *adj.* Lugal na sadyang láng̃uyan.

Natillas. *f. pl.* Minasang harina at ibá pa.

Natividad. *f.* Pang̃ang̃anac cay Jesús, sa Virgen at cay S. Juan Bautista.

Nativo, va. *adj.* Tumutubong sadyâ Ang nauucol sa capang̃ánacan.

Natural. *adj.* Ang nauucol sa naturaleza. Tubò sa isang país ó bayan para ng̃ nasasacop ng̃ Maynilà, at gayon din sa ibang lupà ó provincia. Gáling sa isang país. Bágay na yarì na hindî guinauâ. Tapat na loob.

Naturaleza. *f.* Catauohan ng̃ tauo. Sadyang cauculan nang balang isa,t, isang bágay. Catipunan nang mang̃a linalang.

Naturalidad. *f.* Pagcaayon sa matouid na cau-

galian nang marami. Catapatang loob.

Naturalista. *m.* Ang marunong at sanay sa historia natural.

Naturalizar. *a.* Ipagcaloob ó ipahintulot sa tagá ibang lupà ang pa guiguing siya,i, parang cababayang casing tubò —*r.* Mamihasa; maratihan.

Naufragar. *n.* Málubog ó máguiua ang sasacyan.

Naufragio. *m.* Ang pagcaualâ nang sasacyan ó pagcáguiua.

Naúfrago, ga. *adj., m.* y *f.* Ang náguiua; ang nálubog.

Náusea. *f.* Pagcaibig sumuca. Yamot.

Nauseabundo, da. *adj* Nacasusuclam.

Naútica. *f.* Dunong sa paglalayag.

Naútico, ca. *adj.* Ang nauucol sa paglalayag

Nausear. *n.* Masuclam.

Nauseativo, va. *adj. Nauseoso* Nacasusuca.

Nauseoso, sa. *adj.* Nacasusuclam.

Náuta. *m.* Marinero.

Navaja. *f.* Labasa; pangáhit.—*De gallo.* Tarì.

Navajada. *f. Navajazo.*

Navajazo. *m.* Súgat na gauâ nang labasa.

Navajero. *m.* Taguan ng labasa. Damit na panglinis nang labasa.

Navajonazo. *m.* Súgat na gauâ nang labasang malaquí.

Naval. *adj.* Ang nauucol sa manga sasacyan.

Navarro, rra. *adj.* Tagá Navarra.

Nave. *f.* Sasacyang may láyag na ualang gáod.

Navecilla. *f.* Lalagyan nang incienso.

Navegoción. *f.* Paglalayag

Navegar. *n.* y *a.* Maglayag na pa sa ibang lupà. Mangalacal na magtauid dágat. —*Por la orilla.* Baybay —*Por estero* Batas.

Naveta. *f.* Lalagyan ng incienso

Navidad. *f.* Capanganacan. Arao na ipinagpipistá na capanganacan ni Jesús

Naviero. *m.* Ang may arì nang sasacyan.

Navío. *m.* Sasacyang talagá sa digmâ Dáong sa ilog.

Nazareno, na. *adj.* Tagá Nazaret; tumubò sa bayang yaon ó ang caugalian doon.

Neblina. *f.* Ulap na masinsin at mababà

Nebuloso, sa. *adj.* Balot nang úlap.

Nesear. *n.* Mangúsap ó magpangusap nang cahunghangan.

Necedad. *f.* Gauâ ó pangungúsap nang hunghang. Cahunghangan. Daquilang camangmangan.

Necio, cia. *adj.* Hangal; hunghang.

Negativo, va. *adj* Ang tumatatuâ

Negligencia. *f.* Capabayaan.

Negligente. *adj.* Pabayâ.

Negrecer. *n.* Umitim.

Negro, gra. *adj* y *m.* Itim ó maitim.—*En los montes.* Ita sa bundoc.

Negrura. *f.* Caitiman.

Negruzco, ca. *adj.* Nangingitim.

Némine discrepante. *lat.* Pinagcacaisahan.

Neófito. *m.* Bagong binyagan.

Neomenio. *f.* Unang arao nang buan sa lángit.

Nervio. *m.* Lítid.

Nervioso, sa. *adj.* *Nervoso.*

Nervoso, sa. *adj.* Malítid. Matíbay.

Nervudo, da. *adj.* Litirán.

Nesga. *f.* Súsog; sudyâ; tucdâ

Neto, ta. *adj* Malinis at dalisay ó uagas. Sa cuenta ay ang natirá sa cabuoan ó cabilugan cong mabauas na ang manga pinagcagugulan.

Neumático, ca. *adj.* Ang nauucol sa hangin.

Neutral. *adj.* Saan man magauî ó sa papano may iisa rin sa loob.

Neutralidad. *f.* Ang pagcaualang isang pasiya.

Neutro, tra. *adj* Sa gramática ay ngalan nang género nang mga nombres na hindî masculino ni femenino. Sa tinatauag na verbo ay ang

hindî activo ni recíproco. *Neutral.*

Nevado, da. *adj.* Maputing parang nieve.

Nevar. *n* Umulan nang nieve.

Nevera. *f.* Taguan nang nieve Táhanang lubhang malamig.

Nevería. *f.* Tindahan ng nieve.

Nevero, ra. *m* y *f.* Taga pagtindá nang nieve.

Nevoso, sa. *adj.* Parati nang may nieve.

Nicho. *m.* Guang na parang húcay na pinaglalagyan nang mang estatuas at manga bangcay catungculang dapat.

Nidada. *f.* Capisanan ng manga itlog ó inacay sa púgad

Nidal. *m.* Pángitlugan. Pangatî. Mulâ Taguan ó canlungan.

Nidificar. *n.* Gumauâ ng púgad ang manga ibon.

Nido. *m* Púgad; sálay. Taguan nang manga masasamang tauo.

Niebla. *f.* Ulap na mababà at masinsin. Saquit sa matá.

Nieto, ta. *m.* y *f.* Apó.

Nieve. *f.* Túbig na namumuô na lumalapag sa lupà na lubhang maputî.

Nimiedad. *f.* Paglalò ó paglagpos. *Fam* Cauntian; caiclian ó caumiran.

Nimio, mia. *adj* Lagpos.

Ningun. *adj* *Ninguno.*

Ninguno, na. *adj* Ni isá.

Niña. *f* Itim nang matá; balintatao.

Niñada. *f.* Quilos ó salitang batà

Niñería. *f.* *Niñada.*

Niñeta. *f.* Balintatao.

Niñez. *f.* Cabataan.

Niño, ña. *adj.* Batang hindî pa sumasapit sa pitong taon. — *De teta.* Sangol.— *Ora paz.* Musmos.

Nitral. *m.* Lugal na pinangagalingan ó quinucunan nang nitro.

Nitrería. *f.* Pinagtatataguan nang nitro.

Nítrico, ca. *adj.* Nauucol sa nitro.

Nitro. *m.* Isang bágay na asing parang salitre.

Nitroso, sa. *adj.* Maraming nitro.

Nivel. *m.* Pamatagan; patitis.
Nivelación. *f.* Ang paggauâ nang pamatagan.
Nivelar. *a.* Magpamatagan.
No. *adv* Hindî.
Nocivo, va. *adj.* Nacasasamâ.
Nocturnal. *adj.* *Nocturno.*
Nocturno, na. *adj.* Ang nauucol sa gabí ó guinagauâ sa gabí.
Noche. *f.* Gabí.—*Buena.* Simbang gabí.
Nodriza. *f.* Tagapagalagà
Nombramiento. *m* Paghahalal. Ang casulatang ibinibigay sa tumatanggap nang alinmang cargo at oficio.
Nombrar. *a.* Sabihin ang pangalan. Maghalal.
Nombre. *m.* Pangalan; ngalan.
Nómina. *f.* Listahan ng manga pangalan.
Nominación. *f.* Ang paghahalal.
Nominal. *adj.* Nauucol sa pangalan.
Nominar. *a.* *Nombrar.*
Nonagenario, ria. Siyam na puong taon.
Nonagésimo, ma. *adj.* Ang ganap na siyam na puong taon.
Nonagonal. *adj* Náuucol sa siyam.
Nonágono. *m.* Siyam ang panulucan.
Nonato, ta. *adj.* Hindî ipinanganac
Nones. *m.* *pl.* Gansal.
No obstante. *adv.* Bagaman.
Noria. *f.* Máquinang pangcuha nang túbig.
Norial. *adj.* Náuucol sa noria.
Normando, da. *adj* Tagá Normanda.
Norte. *m.* Hílagaan.
Nosotros, tras. *pro* Camí; tayo.
Nota. *f.* Tandâ
Notar. *a* Magtandâ. Masid. — *A otra quien es.* Masdan mo cun sino siya
Naticia. *f.* Pagcaquilala nang manga bágay. Balità.
Noticiar. *a.* Magbalità.
Noticioso, sa. *adj.* Nacaalam ó may balità.

Notificación. *f*, Pagpapaháyag.
Notificar. *a* Magpaháyag.
Novecientos, tas. *adj.* Siyam na raan.
Novedad. *f.* Nábabago; bago.
Novela. *f.* Manga historiang hindî totoó.
Novelería. *f.* Salitâ ó casulatang hindî totoó.
Novelero, ra. *adj.* Maibiguin sa balità.
Novena. *f.* *Novenario*
Novenario. *m.* Ang pagsisiam na guinagauâ bago magpistá.
Noveno, na. *adj* Icasiam.
Noventa. *m* Siam na puo.
Noventón. *adj* y *m* Edad na siyam na puong taón.
Novia. *f.* Babaying iquinasal ó bagong icácasal.
Novicio, cia. *adj* Paring bagong naghábito ó paring hindî pa nagmimisa. Ang bagong nagaáral nang alinmang carunungan.
Noviembre. *m* Icalabing isang buan nang taón.
Novilunio. *m.* Bagong buan sa langit.
Novilla. *f.* Bacang hindî pa mansó.
Novillada. *f.* Caramihan ng bacang hindî pa mansó.
Novillero. *m.* Cural ó bacurang pinagcuculungan nang mánga novillo
Novillo. *m.* Torong batà at capon na hindî pa mansó.
Novio. *m.* Lalaquing icácasal na lámang ó bagong casal.
Novísimo, ma. *adj* Bagongbago.
Nube. *f.* Alapaap.—*De los ojos.* Bilig.—*Lijera.* Papair.—*Del cielo.* Papairin.—*No muy densa.* Panganorin. Úlap.
Nuca. *f.* Bátoc.
Nudillo. *m* Casucasuan nang daliri.
Nudo. *m.* Buhol. Sa mga cáhoy ay ang pinagsangahan, na ito,i, matigás cung catamin.—*De caña.* Matá ó bucó.—*En falso.* Sigalot
Nuera. *f.* Manúgang na babayi.
Nuestro, tra. *adj.* Amin; atin.

Nueva. *f.* Bago.
Nueve. *adj* y *m.* Siam.
Nuevo, va. *adj* Bagong gauâ; bagong quita. Baguhan ó aralán.
Nuez. *m* Bunga ng nogal.
Nulidad. *f.* Ualang catibayan; ualang carapatan.
Nulo, la. *adj.* Hindî dápat ó may ipípintas.
Numeración. *f.* Ang pagbílang.
Numerosidad. *f.* Caramihan nang anoman.
Numeroso, sa. *adj.* Marami.
Nunca. *adv.* Cailan man.
Nunciatura. *f.* Capangyarihang macapamalità
Nuncio. *m.* Namamalità.
Nuncupativo. *adj* Ngalan nang testamentong sinasabi lamang nang bibig, na hindî isinusulat na nagnonombrar nang manga eredero sa harap ng mga sacsi.
Nuncupatorio, ria. *adj.* Ngalang iniuucol sa casulatang nagsasaysay nang pagaalay nang anomang súlat na guinauâ, para nang libró ó sa pagnonombrar ng eredero.
Nupcial. *adj.* Nauucol sa *nupcias.*
Nupcias. *f. pl.* Pagtatatauó ó función.
Nutriz. *f.* Sisiua.

Objeto. *m.* Acalà; ísip.—*Señalado.* Túcoy.
Oblación. *f.* Pagaálay sa Dios.
Oblongo, ga. *adj.* Mahabà. ang cahabaan sa lápad.
Obra. *f.* Gauâ ó yari.—*De comunidad.* Atag, púlong —*Matando el dia.* Lantutay, lambita.
Obrador, ra. *m.* y *f.* Mangagauâ. Gamálig na pinagagauan nang manga gagauin sa camay

para nang manga anluague at ibá pang ganganitó.

Obrar. *a* Gumauâ.

Obrero, ra. *m.* y *f.* Trabahador ó ang nagpapaupá nang arao sa paggauâ.

Obsceno, na. *adj.* Mahálay

Obscuración. *f.* Cadiliman; pagdidilim.

Obscurecer. *a.* y *r.* Dumilim; magdilim.

Obscuridad. *f.* Cadiliman.

Obscuro, ra. *adj.* Madilim.

Obsecuente. *adj.* Masúnurin.

Obsequiar. *a.* Maghandog.

Obsequio. *m* Handog; álay.

Obsequioso, sa. *adj.* Mapaghandog.

Obstáculo. *m.* Abala.

Obstinarse. *r.* Maquipagtalo; sumuay; tumútol.

Obtener. *a.* Camtan ó abutin ang ninanasà.

Obtuso, sa. *adj.* Mapurol; pulpol.

Obviar. *a.* Ihiualay; ilayô ó itangì.

Obvio, via. *adj.* Ang na sa harap nang matá. Malinao.

Ocasión. *f.* Pagcacátaon.

Ocasionar. *a.* Magbigay daang macágauâ nang anomang bágay.— *La pêrdida de otro.* Cohilâ

Ocaso. *m.* Pagcacanlong nang alinmang astro.

Occidente. *m.* Calunuran.

Occéano. *m.* Dágat na nacalilibid sa lupà. Calac-han.

Octavo, va. *adj.* Icaualó. Icaualó nang isang buô ó icaualong bahagui.

Ocioso, sa. *adj* Ualang gauâ; ualang cahulugan.

Octogenario, ria. *adj.* Ualong puong taon.

Octosílabo, ba. *adj.* Tigualong sílaba

Octubre. *m* Icasampuong buan nang taon.

Ocultar. *a.* Itagò; ilingid.

Oculto, ta. *adj.* Tagô; líhim.

Ocupación. *f.* Abala; ligálig.

Ocurrencia. *f.* Pagcacátaon ó pangyayaring hindî tinatalagá. Ang biglang pagbucal sa ísip nang anomang bá-

gay na minsang pumásoc sa alaala.

Ochava. *f.* Icaualong bahagui.

Ochavado, da. *adj* Ang may ualong sampad ó ualong muc-hâ. Binalimbing.

Ochavo. *m.* Isang bágay na salapî.

Ochenta. *adj.* Ualong puô.

Ochentón, na. *adj.* *Fam.* Ang tauong may ualong puong taong edad.

Ocho. *adj.* Ualó.

Ochocientos. *adj.* Ualong daan.

Odio. *m.* Tanim ó pagtatanim sa loob.

Odioso, sa. *adj.* Quinalulupitan.

Odorífero, ra. *adj* Mabangó.

Oeste. *m.* Calunuran.

Ofender. *a.* Sumúgat ó bumugbog sa capouà Dumustâ sa uicà ó gauâ.

Ofensor, ra. *m.* y *f.* Ang sumúgat ó bumugbog sa ibá.

Oferente. *m.* *adj.* Ang nagaalay ó naghahandog.

Oferta. *f.* Pangacò na magbibigay; tútupad ó gágauâ nang anomang bágay.

Oficial, la. *m.* y *f.* Ang gumagauâ sa alinmang oficio. Ang marúnong sa caniyang oficiong hindî naguing maestro. Sa milicia ay ang mulâ sa alferez na paitaas. Ang empleadong na sa ilálim nang capangyarihan nang isang punò, para nang director, secretario, contador. Sa mga ministro nang justicia ay gayon ang táuag sa verdugo. Sa manga ibang lugal ay gayon ang táuag sa manga mámamamátay na tumitimbang nang carne.

Oficina. *f.* Lugal na pinaggagagauan.

Oficio. *m.* Ang isa,t, isang gauâ ó catungculan.

Ofrecer. *a.* Magálay; maghandog. — *A Dios.* Hayin. — *Para que le manden.* Hangad. — *Primicia.* Pamago. — *Como alguna obra.* Panagano.

—*Algo de paso al pensamiento.* Saguila, salaguimsim.

Ofrenda. *f.* Álay; handog na itinútungcol sa manga Santo. Ang salapî ó pagcaing nalalaan sa paglilibing.

Ofuscación. *f.* Panlalabò nang matá; cadilimán nang bait

Ofuscar. *a* Palabuin ó manlabò.

Oido. *m.* Pandingig; tainga. Isá sa limang iquinadaramdam nang catauan. Butas ng armas de fuego na linalagyan nang seben.

Oir. *a.* Dumingig; dinguin ang ipinaquiquiúsap ng sinoman. Batyag. Haguing; dingig; quinyig.

Ojal. *m.* Uhales ó butas nang damit na sinusuutan nang bitonis.

Ojalá. *adv.* Mánona; nauâ; siya nauâ; gayon nauâ.

Ojalar. *a.* Maguhales.

Ojeada. *f.* Suliap.

Ojear. *a.* Tumitig; taboy; aboy.—*Moscas.* Uasiuas.

Ojera. *f.* Pangangalumatá.—*De enfermo.* Panlooc.

Ojeriza. *f.* Galit. Amis.

Ojerudo, da. *adj.* Malápad ang tainga.

Ojete. *m.* Uhales ó butas na mabilog, na ilinalagay sa damit na sinusuutan nang liston. Tumbong ó butas ng puit.

Ojos. *m.* Matá.—*Zarcos.* Matáng pusà.—*Hinchados.* Namuctô.—*Del como del que se está muriendo.* Púngay.

Ola. *f.* Alon.

Olaje. *m.* Pagcacasunodsunod nang mga alon.

Oleada. *f.* Álong malalaqui. *met.* Quilos ó galao nang maraming tauo. Hampas ó gúlong nang alon.

Oleaginoso, sa. *adj.* Malangis.

Olear. *a.* Magpáhid ng Santo Oleo.

Oleo. *m.* Langis. Langis na Santo Oleo ang guinagamit ó ipinapahid na langis ng mga Parì sa may saquit.

Oler. *a.* Umamoy.—*Co-*

mo el gato cuando se provee. Solásod.

Olfato. *m* Pangamoy; inaamoy.

Olimpiada. *f.* Ang pistang guinagauâ at caugalian touing icaapat na taón nang manga griego sa ciudad nang Olimpia.

Olimpo. *m. poe.* Lángit.

Olivar. *m.* Lugal na maraming puuò nang olivo.

Olor. *m.* Amoy.—*Asqueroso.* Cadumaldumal — *De excremento.* — Angis —*Malo de agua ó licor.* Bantot. — *Que trae el aire.* Dapoy. — *De frijoles verdes.* Hanglay. —*De orines, sudor, ropa.* Pálot; panhí.

Oloroso, sa. *adj.* Mabangó.

Olvidadizo, za. *adj.* Malilimutin.

Olvidado, da. *adj.* Nalilimutan.

Olvidar. *a.* Lumímot ó malimutan.

Olvido. *m.* Límot.

Olla. *f.* Laoya. Palayoc. *Pequeña.* Anglit. — *De grande boca.* Balangâ — *Grande.* Catingan.

Ollería. *f.* Tindahan nang palayoc. Lugal na pinaggagauan ó caramihan nang palayoc.

Ollero. *m.* Magpapalayoc.

Olluela. *f.* Sinducsinducan.

Ombligo. *m* Púsod.

Ombliguero. *m* Pamigquis nang tápal sa púsod nang batang bagong panganac.

Omisión. *f.* Caculangan nang caya. Cahinaan ó capabayaan sa anomang bágay.

Omiso, sa. *adj.* Mahinà; ualang caya; pabayâ.

Omnipotencia. *f* Capangyarihan sa lahat. Capangyarihan nang Dios.

Omnipotente. *adj* Macapangyayari sa lahat.

Omoplato. *m.* Paypay sa ibabâ nang balícat.

Once. *adj.* Labing isá.

Onceno, na. *adj* Icalabing isá.

Onza. *f.* Icalabing ánim na bahagui nang isang librá. Isang bágay na panimbáng ó tacalan.

Onzavo, va. *adj.*, *m* y *f*. Icalabing isá.

Opaco, ca. *adj*. Ang nacatataquip sa liuánag. Madilim.—*met*. Malungcot.

Ópalo. *m*. Batong mahalagá.

Opción. *f*. Ang capangyarihang macagauâ ó magpalagay.

Ópera. *f*. Isang tugtog nang música na guinagamit sa comedia.—*Fam*. Gauang maláuig at suotsuot.

Operario, ria. *m*. y *f*. Ang gumagauâ sa alinmang oficina.

Oportunidad. *f*. Cagálingan nang panahon at nang anomang bágay.

Oportuno, na. *adj*. Ang guinagauâ ó nangyaring talagá na naaacmâ ó naaagpang.

Oprobio. *m* Palibhasà

Opulencia. *f*. Cayamanan.

Opulento, ta. *adj*. Mayaman.

Orbe. *m* Cabilugan ó isang bilog. Ang cabilugan ng Langit ó lupà. Mundó.

Orbicular. *adj*. Mabílog.

Orden. *com*. Utos. Taluntón; saysay; húsay. Icanim na Sacramento nang Santa Iglesia.

Ordenando. *m* Ang malápit nang maggrado ó mag Parì

Ordenar. *a*. Ilagay sa catampatan. Husayin ang anoman. Magutos

Ordeñar. *a*. Gumatas.

Orear. *a*. Pahanginan ang anoman. Matuyô sa hangin Magpalamig; iyangyang.

Oreja. *f*. Tainga.

Orejudo, da. *adj*. Ang mahabà ang tainga.

Oreo. *m*. Hanging palaypalay ó marahan.

Orfandad. *f*. Pagcaulila; caualang magampon.

Organero. *m* Mangagauà nang órgano.

Organista. *com*. Ang mánunugtog nang órgano.

Organizar. *a*. Gumauâ ng órgano ó magcumpuné.—*met* Magyaman.

Orgullo. *m*. Capalaluan.

Orgulloso, sa. *adj*. Palalò.

Oriental. *adj*. Ang nauucol sa silanganan

Oriente. *m*. Sílanganan.

Orígen. *m.* Pinangalingan. Ang bayang tinubuan.

Orilla. *f.* Tabí; pangpang; guílid —*Del mar.* Baybay. — *De monte ó camino* Píling. — *De algo.* Bíngit. — *De vestido que vá colgando* Laylayan. — *Baja del rio.* Palanas. — *Del pueblo.* Tabí.

Orillo. *m* Guílid nang panyô

Orin. *m.* Caláuang.

Orina. *f.* Ihì.

Orinal. *m.* Iihan.

Orinar. *a.* y *r.* Umihì.

Oriniento, ta. *adj.* Cálauangin.

Oriolano, na. *adj.* Tagá Orihuela.

Orla. *f.* Laylayan nang damit.

Ornamentar. *a.* Magpamuti.

Ornamento. *m.* Pamuti. —*pl.* Ang manga isinusuot nang Parì sa pagmimisa. Ang manga casangcapan sa altar.

Ornar. *a.* Magpamuti.

Ornato. *m.* Pamuti.

Oro. *m.* Guintô.—*Subido.* Dalísay.

Oropel. *m.* Oropel.—*De China.* Palarâ ó paralâ.

Orquesta. *f.* Catipunan nang manga músicong nagsisitugtog sa comediahan.

Ortiga. *f.* Lipay; lipá; bulucáboc.

Ortodoxo, xa. *adj.* Cristianong matibay ang pananampalataya at paniniualà sa manga áral nang Santa Iglesia.

Ortografía. *f.* Arteng nagtuturò nang ayos at mahusay na pagsulat.

Ortógrafo. *m.* Ang marunong nang ortografía.

Ortología. *f.* Arteng nagtuturò nang pagsasabing magaling.

Oruga. *f.* Uod na naguiguing paroparó.—*Que comen los granos* Ulalo.

Orzuelo. *m.* Gulitì. Patibong na panghuli nang ibon ó dagâ.

Osadía. *f.* Capangáhasan.

Osar. *n.* Mangahas.

Oscense. *adj.* Tagá Huesca ó ang nauucol sa ciudad na itó.

Osculo. *m.* Halic.
Oscurecer. *a.* y *r.* Magdilim ó dumilim.
Oscuridad. *f.* Cadiliman.
Oscuro, ra. *adj.* Madilim.
Oso, sa. *m.* y *f.* Háyop na apat ang paá.
Ostensión. *f.* Pagpapaháyag nang anoman.
Ostensivo, va. *adj.* Ang nagpapaháyag.
Ostentación. *f.* Pagpaparangalan; pagpapalalô.
Ostentar. *a.* Magpalalô. Magpaháyag.
Ostentativo, va. *adj.* Ang nagpapalalô ó nagpapaháyag.
Ostentoso, sa. *adj.* Marilag; marangal na súcat panoorin at tanghalin.
Ostra. *f.* Talabá.
Ostrera. *f.* Lugal na maraming talabá.
Ostro. *m.* *Ostra. Ostrones pequeños que se pegan al madero.* Taliptip.
Otorgar. *a.* Tumangap.—*Con la cabeza.* Tumangô.
Otro, tra. *adj.* Ibá.
Otro si. *adv.* *m.* Bucod sa rito.—*For.* Icalauang cahingian.
Ovalado, da. *adj.* Talohabang parang itlog.
Oveja. *f.* Tupang babayi.
Ovejero. *m.* Pastol nang tupa.
Ovillo. *m.* Iquid na mabilog nang sutlâ ó sinulid.
Ovíparo, ra. *adj.* Ang manga háyop na nangitlog.
Oxear. *a.* Bumugao nang manga manoc; calapati, etc

PA PA

Pabellón. *m* Culambô.
Pábilo ó pabilo. *m.* Mitsá nang candilà.
Paciencia. *f.* Ang pagtitiis at pagbabatá sa anomang manga hirap at casaquitan, caralitaan at camurahán ó carouahaguinan.
Pacífico, ca. *adj.* Ualang

quibô, tahimic at maibiguin sa capayapaan.

Padrastro. *m.* Amain sa paquinábang.

Padre. *m.* Amá.

Padrina. *f.* *Madrina.*

Padrino. *m* Inaamá.

Padrón. *m.* Listahan nang manga tauong nagsisipanahan sa isang bayan.

Paduano, na. *adj.* Taga Padua.

Paga. *f.* Báyad; upa.—*Al alcahuete ó testigo.* Súhol.

Pagadero, ra. *adj.* Mamamayad.

Pagamento. *m.* Ang pamamáyad.

Paganismo. *m.* Caramihan nang manga dî binyagan.

Pagano, na. *adj.* Nauucol sa manga dî binyagan. —*m.* Ang natitirá sa párang. Hindî binyagan. —*Fam.* Ang namamayad ó namamahagui.

Pagar. *a.* Magbáyad. Magdusa. — *Adelantado.* Tampá —*Terrazgo.* Buis. —*Deuda.* Báyad.

Pagaré. *m.* Papel na quinasusulatan nang manga pangacò sa pagbabáyad.

Página. *f.* Muc-hâ nang isang pojas nang libro.

Pago. *m.* Báyad.

Pagoda. *f.* Simbahan ó pánalanginan nang manga hindî binyagan.

País. *m.* Caharian; bayan ó lugal. Ang manga pintá nang manga lugal. Báhay sa parang at manga tauo.

Paisano, na. *adj.* Cababayan. Hindî sundalo.

Paja. *f.* Dayami; guinican. —*Que queda después de trillado el arroz.* Yáot. —*Para cubrir sus casas.* Cogon.

Pajar. *m.* Lalagyan nang guinican; báhay guinican.

Pajarear. *a* Mangibon.—*met.* Gumayongayon.

Pajarera. *f.* Culungan ng ibon.

Pajarilla. *f.* Himpac-himpacan.

Pájaro, ra. *m.* y *f.* Ibong muntî; pugò; mayà.

Paje. *m.* Isang bágay na alilà na casamasama nang panginoon sa pag-

asiste sa alinmang gagauin.

Pajero. *m.* Ang nagbibilí ó nagdadalá nang dayami sa ibang lugal.

Pajizo, za. *adj.* Maraming guinican ó cúlay guinican.

Pajuela. *f.* Pangsuso ó pangsindí nang ilao.—*pl.* Yaguit.

Palabra. *f.* Salitâ; uicà; pangacò; pangungúsap.

Palabrada. *f.* Masamang bucang bibig.

Palabrero, ra. *adj.* Masalitâ

Palabrimujer. *m.* Lalaquing voces lalaqui.

Palabrita. *f.* Uicang marahan ó bulong.

Palabrota. *f.* *Palabrada.*

Palaciego, ga. *adj.* Ang nauucol sa Palacio. Ang naninilbihan sa palacio at nacaaalam nang mga caugalian doon.

Palacio. *m.* Báhay nang Harì.

Paletilla. *f.* Butong malatâ at maputî, na ŋa sa bucana nang sicmurà.

Paladar. *m.* Ngalangalá.

Paladear. *a.* Lumasap ó lasapin.

Paladeo. *m.* Ang paglasap.

Paladino, na. *adj.* Hayag; tanyag.

Palanca. *f.* Panghicuat ó pingá.

Palancada. *f.* Hampas ng pingá.

Palancana. *f.* *Palangana.*

Palangana. *f.* Hílamusan.

Palazo. *m.* Hampas ng pala.

Palco. *m.* Pánooran nang comedia ó pistá.

Palestino, na. *adj* Tagá Palestina.

Paliación. *f.* Ang paglilihim nang anoman.

Paliar. Magtagò nang anoman.

Palidez. *f.* Pamumutlâ.

Pálido, da. *adj* Namúmutlâ

Palillo. *m.* Casangcapan sa paggauâ nang medias. Panghiningá.—*Palillos de contar.* Isipan.

Palinodia. *f.* Hayag na pagbabago nang sinabi.

Palio. *m.* Langitlángit.

Paliza. *f.* Palò ó pagpalò.

Palizada. *f.* Istaca.

Palma. *f.* Cáong.—*Donde sacan los cables negros.* Pugahan.—*De la nipa.* Sasá. — *Silvestre.* Lúyong ó anahao.—*Pequeña y desmedrada.* Palipog.

Palmada. *f.* Tampal.

Palmadica, lla, ta. *f.* Tapic.

Palmario, ria. *adj.* Caramihan ng lúyong. Hayag.

Palmatoria. *f. Palmeta*

Palmeado, da. *adj.* Ibong diquit ang manga dalirì para nang pato.

Palmeta. *f.* Casangcapang pamalò sa manga batà.

Palmitieso. *adj.* Cabayong tuyô ang cucó.

Palmito. *m.* Ubod.

Palmo. *m.* Dangcal.

Palmotear. *n.* Tumampal; manampal. Pagupaquin ang pálad nang manga camay.

Palmoteo. *m.* Ang pagtampal; tampal

Palo. *m.* Cáhoy.—*Lleno de nudos.* Salimuot.—*Romo.* Tipungol. — *Que ajusta el pescuezo de los carabaos para que trabajen* Sincao. — *Sobre que asientan la tijera.* Anaman.

Paloma. *f.* Calapati.—*Del monte.* Batobató. — *Del monte con manchas coloradas en el pecho* Púnay.

Palomar. *m.* Báhay calapati.

Palomera. *f.* Lugal na tampac sa hangin. Culungang muntî nang calapati.

Palomería. *f.* Báhay calapati.

Palomino. *m.* Inacay ng batobató.

Palomo. *m.* Calapating lalaqui.

Palor. *m.* Caputlaan.

Palpadura. *f.* Ang pagsalat ó paghipò.

Palpar. *a.* Humipò; lúmamas.—*A oscuras buscando algo.* Capâ; apúhap; halap.

Palpebra. *f.* Talúcap ng matá.

Palpitación. *f.* Cabá ng dibdib.

Palpitar. *n.* Cumabá ang pusò ó dibdib.

Pamplonés, sa. *adj.* Tagá Pamplona.

Pan. *m.* Tinápay.

Panadear. *a* Gumauâ ng̃ tinápay.

Panadería. *f.* Tindahan nang tinápay.

Panadero, ra. *m.* y *f* Magtitinapay.

Panal. *m.* Báhay pocyotan ó ang pagquit.

Pancho. *m.* *Fam.* Tian.

Pandorga. *f.* *Fam.* Babaying matabangmatabâ na mahinà at mabágal ang caniyang mang̃a quilos.

Panera. *f* Taguan nang trigo; harina; tinápay.

Pantalón. *m.* Salaual.

Pantano. *m.* Pátubigan ó patúbig.

Pantanoso, sa. *adj.* Ang lugal na maraming pátubigan ó patúbig.

Panteon. *m.* Líbing̃an; báunan nang mg̃a patay.

Pantorrilla. *f.* Bintî.

Pantorrilludo, da. *adj.* Malaquí ang bintî.

Panza. *f.* Tian.—*De animal.* Labor.

Panzada. *f.* Budlong ng̃ tian.

Panzudo, da. *adj.* Malaqui ang tiyan.

Pañal. *m.* Lampin.

Paño. *m.* Damit na ang táuag ay *de paño.*—*Por la cabeza.* Bírang.—*De manos.* Pamáhid.

Pañuelo. *m* Panyô.

Papá. *m.* *Fam.* Amá.

Papada. *f.* Lamán sa ilálim nang babà.

Papagayo, ya. *m.* y *f.* Mamalis ó lang̃aylang̃ayan.—*Blanco.* Calág̃ay

Papal. *adj.* Nauucol sa Papa.

Papera. *f.* Baiquì ó biquì.

Papirote. *m.* Pitic.

Papo. *m.* Babà.

Papudo, da. *adj* Malaman ang babà.

Paquete. *m.* Balutang muntî; balutan nang mang̃a súlat.

Para. *pre.* Sa.—*v. g: Para mí ó por mí.* Sa aquin.—*Nosotros.* Sa atin.—*Quien.* Cang̃ino. ó canino.

Parácleto ó paráclito. *n.* Espíritu Santo.

Parada. Ang paghintô. Lugal na pinagtitipunan nang mang̃a baca at iba pang ganitô. Sala-

ping ilinalagay na paminsan sa paglalarô.

Paradero. *m.* Hantungan.—*met.* Hangá ó catapusan nang anoman.

Paradigma. *m.* Huaran ó hinuhuaran.

Paradojo, ja. *adj.* Çacaibang umísip ó umacalà

Parador. *m.* Sa cabayo ay ang madaling pahintuin, at sa larô ay nagtitiguil nang maluat. Hantungan ng carruaje at iba pa.

Paráfrasis. *f.* Ang casaysayan sa isang hátol at nang madaling maintindihan na guinagauâ

Paraguas. *m* Páyong.

Paraiso. *m.* Lugal na pinaglagyan nang Panginoong Dios sa ating nunoong cay Adan.

Páramo. *m.* Párang na maluang; malungcot na ualâ isa mang táhanan ó cubo.

Parangón. *m.* Pagcámuc-hâ; pagcáhuad.

Parangonar. *a.* Magparis; magmuc-hâ.

Paraninfo. *m.* Inaamá sa alinmang función ó cángay.

Parao. *m.* Parao.

Parar. *m.* Humintô.—*La obra.* Hantong; tumahan.

Parasol. *m.* Páyong.

Parca. *f.* Camátayan anang manga poeta.

Parcial. *adj.* Isang bahagui nang anomang bágay. Cacampí ó campí.

Parcialidad. *f.* Casamahan; campón.

Parco,ca. *adj.* Maiclî; salat sa anoman. Catatagan sa pagcain at sa paginom.

Parche. *m.* Patsé; tápal.

Parear. *a.* Magmuc-hâ ó magparis. Pagdaladalauahin ang anoman.

Parecer. *m.* Hátol; pasiyá.

Parecido, da. *adj.* Cauangis; cauangquî.

Pared. *f.* Pader.

Pareja. *f.* Pagcacásama ng dalauang magcamuc-hâ.

Parejo, ra. *adj.* Magcaparis; magcamuc-hâ; pantay.

Parentela. *f.* Ánac; camaganacan.

Parentesco. *m* Camaganacan. — *De afinidad* Balayi.

Párias. *f.* Buis na ibinibigay nang isang príncipe sa ibá sa pagquilala sa cataasan.

Paridad. *f* Pagcacámuchâ; pagcacáparis nang anomang bágay.

Parida. *adj.* Nacapangánac na ó capangánganac.

Pariente, ta. *m.* y *f* Camagánac. — *In género.* Hinlog.

Parir. *a.* Mangánac ó pangánac.

Parisiense. *adj* Tagá París.

Parlanchin, na. *adj. Fam.* Mapagsalitâ nang ualang cabuluhan ó nagsasalitâ nang dî dapat salitin.

Parlar. *a.* Magpangusap nang ualang cabuluhan.

Parlero, ra. *adj.* Masabi; salitâ nang salitâ.

Parpadear. *n.* Cumurapcurap.

Párpado. *m* Talúcap ng matá. Bubong.

Parra. *f.* Ubas. — *Silvestre.* Bica.

Parral. *m.* Bálag.

Parricida. *com.* Ang natay sa amá, iná ó camagánac.

Parricidio. *m* Ang pagpatay sa magúlang ó camagánac.

Parrilla. *f.* Ihauang tila rejas.

Párroco. *m.* Cura.

Parroquia. *f.* Ang nasásacop ng isang cura.

Parroquial. *adj* Ang nauucol sa parroquia

Parsimonia. *f.* Cabáitan sa anoman.

Parte. *f.* Capiraso nang isang bágay. — *Que le cabe á uno en la sementera.* Saclong. — *Baja del pueblo.* Ibabâ. — *Inferior de la oreja.* Píngol. — *Superior del pueblo.* Ilaya.

Partera. *f.* Hílot.

Partero. *m.* Sálag.

Partición. *f.* Pagbabahagui ó paghahatì.

Participación. *f.* Pagpapahayag.

Participar. *a.* Magbalità. —*De la culpa de otro.* Hicáyat. Sapacat. Mag paháyag.

Partícula. *f.* Isang munting bahagui.—*Que junta con nombres de pueblo, significa ser vecino de él* Tagá.

Particular. *adj.* Bucod.

Partida. *f.* Ang paglipat sa ibang lugal. Casulatan nang pinagbinyagan, pinagcumpilan at pinaglibingan. Sundalong pa sa sa ibang lugal.

Partidor. *m.* Ang namamahagui. Panghatì ó pamútol.

Partir. *a.* Mamahagui. —*En partes desiguales.* Apí — *Herencia.* Magbahagui. — *Terrones.* Tipac. — *En pedazos.* Lapang.—*Algo señalándolo antes* Tatà.—*De algun lugar.* Maghinalà; tumúlac.—*Por medio.* Hatì. —*Algo como pan con la mano.* Pisanhin ó pirasuhin.—*Trozos metiéndolos cuñas.* Sibaquin ó biyaquin.

Partitivo, va. *adj.* Ang mahahatì.

Parto. *m.* Panganganac.

Parvedad ó parvidad. *f.* Cauntian ó caliitan. Ang quinacain sa umaga ng̃ manga colacion.

Parva. *f.* Haya ó úhay na nahahandang guíguiiquin.

Parvo, va. *adj.* Muntî. Bunton nang anoman.

Parvulez. *f.* Caliitan.

Párvulo, la. *adj.* Maliit. —*Inocente m.* y *f.* Batà.

Pasadero. *adj.* Macaráraan.

Pasadizo. *m.* Daang maquípot sa báhay man at sa daan man. Dalaydayan

Pasagonzalo. *m.* *Fam.* Tapic.

Pasaje. *m.* Pagpa sa ibang lugal. Báyad na ibinibigay nang na pa sa sa ibang lugal. Lugal na dinadaanan. Pagcaparaan.

Pasajero, ra. *adj.* Daraanan.—*m.* y *f.* Ang naglalayag na na pa sa sa ibang lugal.

Pasamano. *m* Palábabahan —*Con garfio*. Cáuit. —*De la escalera*. Gabay; lalayan.

Pasaporte. *m*. Ang licencia ó súlat na ibinibigay at ng̃ maca pa sa ibang bayan ó húcoman.

Pasar. *a. n* ó *r*. Dumaan; magdaan. Tumaos. Maglagos ó lumagos. Iabot Tumulay. Magtauid ó tumauid. Iliban. — *Adelante el que anda*. Lúguit.

Pasatiempo. *m*. Aliuan

Pascasio. *m*. Estudianteng nagsisiouî sa caniyang bayan cun pascó.

Pascua. *f*. Pascó.—*De la Natividad*. Ang pang̃ang̃anac sa ating P. Jesucristo.—*De la Resurrección*. Ang pagcabuhay na magulî.

Pascual. *adj*. Ang nauucol sa pascó.

Paseadero. *m*. Lugal na pásialan.

Paseador, ra. *adj*. Mapagpasial.

Pasear. *a*. Magpasial.—*r*. Pumasial; gumalà; lumíbot

Paseo. *m*. Ang pagpasial.

Pasible. *adj*. Ang dapat magcarálitâ

Pasicorto, ta. *adj*. Maliliit na hacbang.

Pasilargo, ga. *adj*. Maluluang ang hacbang.

Pasión. *f*. Ang pagcacasáquit; paghihirap nang pinarurusahan.

Pasito. *m*. Hacbang na muntî. Ualang quibô.

Pasmo. *m*. Saquit. Pagcapamaang; pagcapatacá; pagcamanghâ.

Paso, sa. *p. p*. Hacbang.

Pasquín. *m*. Súlat na ilinalagay sa hayag na nalalaban sa mang̃a punò.

Pasta. *f*. Cumamal na anoman. Balat nang libró. Guintô ó pílac na tunao.

Pastar. *a*. Magpastol.

Pastel. *m*. Minasang harina, na may manticà at may carneng tinadtad sa loob at sacâ babalutan nang ibá pa at ilulutò.

Pastelera. *f*. Asaua ng̃ magpapastel.

Pastelería. *f.* Tindahan nang pastel.

Pastelero, ra. *m.* y *f.* Mangagauà ó nagtitindá nang pastel.

Pastor, ra. *m.* y *f.* Ang nagaalagà at nagcacalingà sa manga háyop.

Pastorear. *a.* Magaboy nang manga háyop sa pastulan ó magpastol.

Pastoría. *f.* Catungculan ó capisanan nang manga pastol.

Pastoso, sa. *adj.* Malatâ; malambot.

Pata. *f.* Paá nang manga háyop.

Patada. *f.* Sícad; tadyac; sipà.—*En el suelo* Darag. Yabag ó magsicad.

Patalear. *n.* Dumábog; cumarag; tumarang; dumarag.

Pataleo. *m.* Tunog nang sícad ó ang pagsícad.

Patear. *a.* Tumadyac; dumábog; tumarang.

Patena. *f.* Agnos ó imagen. Ang pingang muntî na guinagamit nang sacerdote sa pagmimisa.

Patente. *adj.* Hayag sa tingin nang madlâ.

Patentizar. *a.* Ihayag.

Pater noster. *m.* *Padre nuestro.* Amá namin.

Patíbulo. *m.* Bibitayan.

Pato. *m.* y *f.* Itic; bibi. —*Pequeño.* Baliuis.

Patochada. *f.* Uicang masamâ.

Patón, na. *adj.* Malaquí ang paá.

Patraña. *f.* Balità ó salitang pauang casinungalingan.

Pátria. *f.* Ang bayang tinubuan.

Patriarca. *m.* Ngalang itinatauag sa mga tauong pinagmulan nang malalaquing ánac, na nababasa sa lumang testamento. Ngalan nang camahalan na ipinagcaloob sa ilang Simbahang manga pangulo para nang sa Alejandría, Jerusalem at Constantinopla. Ngalan nang camahalang bagong ipinagcaloob nang Santo Papa sa manga ilang tinatauag na prelado. Alinman sa manga nagtatag nang tinatauag na órdenes religiosas.

Patrimonial. *adj.* Ang nauucol sa aring minana.
Patrimonio. *m.* Ang aring minana.
Patrio, tria. *adj.* Ang nauucol sa bayang tinubùan. Ang nauucol sa amá ó ang gáling sa caniya.
Patriota. *m.* Ang may pagíbig at pagmamasaquit sa bayang tinubuan.
Patriotismo. *m.* Pagíbig sa bayang tinubuan.
Patrocinar. *a.* Magampon; magcalingà; magsangalang.
Patrocinio. *m.* Pagampon; pagtulong.
Patrón, na. *m.* y *f.* Pintacasi. Ang may cargo nang sasacyan. Hóuaran. Ang may arì nang báhay na pinanuuuluyanan.
Patrono. *m.* Tagá pagtangol.
Patrulla. *f.* Manga sundalong nagroronda.
Patrullar. *n.* Magronda ang manga sundalo.
Patudo, da. *adj.* Malaquí ang manga paá.
Paulatino, na. *adj.* Mabagal ó mahiman sa paggauâ.
Pausado, da. *adj.* Paos ó namamalat.
Pauta. *f.* Tablang may cuerdas na guinagamit nang manga batà sa pagguhit nang papel ng nagaáral sumúlat.
Pavesa. *f.* Abó ng ilao.
Pávido, da. *adj.* Matatacutin.
Pavimento. *m.* *Pavimiento.*
Pavimiento. *m. ant.* Alinmang sahig nang isang pamamahay na may sangcap na larió.
Pavor. *m.* Tácot sa pagcárulit.
Pavorido, da. *adj.* Malaquing pagcárulit.
Pavoroso, sa. *adj.* Nacarurúlit.
Paz. *f.* Payapà; tahímic.
Peajero. *m.* Ang naniningil nang báyad ó peaje.
Peana. *f.* *Peaña.*
Peaña. *f.* Ang quinalalagyan ó quinatutungtungan nang alinmang larauan.

Pebre. *m.* Sausauan; sáhucan; tiltilan.
Peca. *f.* Anan.
Pecado. *m.* Casalanan.
Pecador, ra. *m.* y *f.* Ang nagcásala ó dapat magcásala.
Pecar. *n.* Magcásala; magbigay pagcacásala. Sumalangsang sa utos ng̃ Dios.
Pecera. *f.* Pábiyayan ng̃ isdang sarisaring cúlay na nagsisilbing áliuan.
Pecina. *f.* Paláisdaan.
Pecoso, sa. *adj.* Maanan.
Pectoral. *adj.* Ang nauucol sa dibdib ó magaling sa dibdib.—*m.* Curos na tandâ nang camahalan ó cataasan ng̃ isang Obispo, na ilinalagay sa dibdib.
Peculio. *m.* Ang pagaarì ó salaping ipinagcacaloob nang magúlang ó pang̃inoon na gamitin at ipang̃alácal. Pasarili.
Pecunia. *f.* *Fam.* Salapî.
Pecuniario, ria. *adj.* Ang náuucol sa salaping túnay.
Pechera. *f.* Capirasong cayo na itinataquip sa dibdib.—*Fam.* Ang labas nang dibdib.
Pecho. *m.* Dibdib. Suso.
Pechuga. *f.* Dibdib ng̃ ibon.—*Fam.* Dibdib nang tauo.
Pedante. *m.* Maestrong nagtuturò nang gramática sa bahaybahay. Mapagdunongdunung̃an.
Pedantear. *n.* Magsabí nang capalaluan; magpahāyag nang mang̃a carunung̃ang nacayayamot.
Pedantería. *f.* Pagdudunongdunung̃an; pagsasabí nang mang̃a latin lalonglalò sa harap nang mang̃a hindî nacaaabot.
Pedazo. *m.* Capiraso.—*De caña hendida.* Patpat.—*Grande de carne ó pescado.* Limpac.—*O raja de leña.* Guiling ó pidpid.
Pedernal. *m.* Batong lubhang matigas at malinao. Batong pinquian. Ang catigasan nang ano mang bágay.

Pedestre. *adj.* Naglálacad.
Pedicoj. *m.* Candirit.
Pedido. *m.* Hiningî ó hinihingî nang Hari, na ambag sa caniyang mga nasasacop ó manga sundalo.
Pedigüeño, ña. *adj.* Mapanghinging lubhâ, na nacayayamot.
Pedimento. *m.* Cahingian.
Pedir. *a.* Humingî. —*De gracia.* Dumalangin.—*Prestado.* Manandali; umútang; manghiram. —*Licencia para irse.* Paálam. — *Perdón.* Huminging táuad. — *Cohecho.* Magpasúhol.—*Que haga por él alguna cosa.* Mamintacasi.—*Socorro á voces.* Magpaguibic.—*Un tanto de casa en casa.* Mangílac. —*Como el niño ó enfermo.* Humiling.—*Cosillas, menudencias.* Magpuló.—*Prestado la deuda ó lo prestado.* Maningil.
Pedo. *m* Utot.
Pedorrera. *f.* Ang caramihan nang hangin sa loob nang tiyan na lumalabas ng biglâ cung iutot.
Pedorrero, ra. *adj.* Ututin.
Pedrada. *f.* Pucol; pasâ nang pucol ó súgat na gauâ nang pucol.
Pedregal. *m.* Cabatuhan.
Pedregoso, sa. *adj.* Mabató.
Pedrejón. *m.* Batong malaquí sa pasigan.
Pedrera. *f.* Quinúcunan nang bató ó mina.
Pedrería. *f.* Capisanan ó caramihan nang manga batong maningning at mahalagá.
Pedrero. *m.* Manglalabrá nang bató.
Peer. *n* Umutot.
Pegajoso, sa. *adj.* Pániquitin; malagquit.
Pegar. *a.* Maniquit ó idiquit. Magdaiti; magdapit; magpáhid. Humampas; pumalò. — *Fuego.* Silab; magsigâ; sumúnog. — *r. El fuego de una y otra parte.* Maglanin. — *Algo á alguna cosa como arrastrando.* Láhid. — *Como ventosa.* Hácab.

Pegujal. *m.* Pasarili; pamulaing. Munting pagaari. Ariarian.

Pegujarero. *m.* Ang may munting saca ó pagcaya; may munting paghahayop.

Peinada. *f.* *Peinadura.*

Peinado, da. *adj.* Lalaquing butihin parang babayi.—*m.* Magandang ayos at pagcásuclay nang buhoc.

Peinador. *m.* Damit na binabalabal cong nagsusuclay ó nagaahit.

Peinadura. *f.* Pagsusuclay. Pinagsuclayan.

Peinar. *a.* Sumuclay ó magsuclay.

Peine. *m.* Suclay. Súyod sa paghabi. Bubong ng̃ paá.

Peinería. *f.* Tindahan ó pinaggagauan nang suclay.

Peinero. *m.* Ang gumagauâ ó nagtitindá nang suclay.

Peineta. *f.* Suclay na malucong, na ilinalagay na pamuti sa ulo nang manga babayi.

Peje. *m.* Isdâ. Ang tauong marúnong at madaling gumauâ ng̃ anoman.

Pelada. *f.* Tupa ó baca man na ualang balahibo.

Peladero. *m.* Lugal na banlian at pinaghihimulmulan nang ibon man ó báboy man.

Pelado, da. *adj.* *met.* Bundoc; párang na ualang anomang cáhoy ni damó.

Peladura. *f.* Ang pagánit ó pagtálop nang anoman.

Pelafustán, na. *m* y *f.* Hampas lupà; pasampísampiad.

Pelagallos. *m. Fam.* Tauong hámac na ualang catungculan ni hánap búhay. Hampas lupà.

Pelagianismo. *m.* Campon ni Pelagio at sumusunod sa caniya.

Pelagiano, na. *adj.* Ang nauucol sa ereges na si Pelagio at sumusunod ng̃ caniyang utos.

Pelambrar. *a.* Maglagay ó magbabad nang catad sa túbig at ápog at ng̃ malagas ó maanit ang balahibo. Magcultí.

Pelambre. *m.* Caramihan nang cátad na quinucultí. Nagcacahalong ápog at túbig na talagang pangultí.

Pelambrero. *m.* Mángungultí.

Pelandusca. *f.* *Fam* Dalahirà Babaying malicot.

Pelar. *a* Umánit.—*Ave.* Maghimulmol. — *r.* Macalbó.

Pelaruecas. *f.* *Fam.* Babaying mahírap ó duc.hâ.

Peldaño. *m.* Baitang.

Pelea. *f.* Pagaáuay; pagtatalo; pagbabaca.—*De gallos.* Pagsasabong.

Pelear. *a.* y *r.* Magáuay; magbaca; magtalo.

Pelechar. *n.* Mangúlag ó mamúlag ang balahibo

Peleona. *f.* Pagaáuay; pagtatalo ó pagcacagalit.

Peliblando, da. *adj.* Malambot ang buhoc.

Pelicano, na. *adj* May uban.

Pelícano. *m.* Isang bágay na ibon.

Pelicorto, ta. *adj.* Utod ó maiclî ang buhoc.

Película. *f.* Lámad.

Peligrar. *n.* Sumapangánib.

Peligro. *m.* Pangánib.

Peligroso, sa. *adj.* May pangánib.

Pelilargo, ga. *adj.* Mahabà ang buhoc.

Pelilloso, sa. *adj.* Maquílitiin.

Pelinegro, gra. *adj.* Maitim ang buhoc.

Pelirojo, ja. *adj.* Mapulapulá ang buhoc.

Pelirubia, bia. *adj.* Buhoc na tila balahibo ng mais capulá.

Pelitieso, sa. *adj.* Matigas ang buhoc na nangangalísag

Pelmacería. *f.* *Fam* Cabigatan; cabagalan sa paggauâ.

Pelmazo. *m.* Anomang bágay na mahigpit ó lápat. Pagcaing natirá sa sicmurà ña hindî natunao —*met* ' Ang tauong macúpad at mahiman anomang gauin.

Pelo. *m.* Buhoc.—*De ave ó animal.* Balahibo. Bulo.

Pelón, na. *adj.* Ualang balahibo ó madálang ang buhoc.

Pelonería. *f.* *Fam.* Cahirapan; caualan; casalatan; caruc-haan.

Peloso, sa. *adj.* Macapal ang buhoc.

Pelotón. *m.* Caramihan nang buhoc ó bulo. Isang pulutong na sundalo.

Peltre. *m.* Nagcacahalong estaño at tingâ

Peludo, da. *adj.* Macapal ang buhoc.

Pelle. *f.* *Manteca de puerco cruda.* Linoap.

Pelleja. *f.* Balat; cátad

Pellejería. *f.* Lugal ó báhay na pinagcucultihan at pinagtitindahan nang manga cátad.

Pellejero, ra. *m.* y *f* Ang nagbibilí ó nagcucultí nang balat.

Pellejo. *m.* Cátad; balat nang háyop. — *De cangrejo* Talúcap — *Del pescuezo del toro como piltrafa.* Laping; lambî.

Pellizcar. *a.* Cumurot; pumíral.

Pellizco. *m.* Curot; píral.

Pena. *f.* Parusa; hírap; sáquit. — *Por culpar.* Dusa.

Penacho. *m.* Ang balahibong tila pálong nang manga ibon, para nang catala ó quiláquil cung naninindig ó nanganga-lísag ang tuctoc. Ang pamuti ó plumaje, na ilinalagay sa ulo nang cabayong panghila cung pistang malaquí.

Penado, da. *adj.* Nahihirapan.

Penal. *adj.* Ang nauucol sa hírap.

Penalidad. *f.* Cahirapan; casaquitan

Penante. *p. a* Ang naghihirap ó nagdurusa.

Penar. *a.* Magpahírap; magpasáquit; magparusa. —*En dinero.* Casalatan.

Penca. *f.* Dahon nang isang bágay na pananim para nang coles, etc.— *De hoja de plátanos* Palapà ó balabà

Pencazo. *m.* Hampas ng palapà ó balabà.

Pencudo, da. *adj.* Mapalapà.

Pendejo. *m.* Balahibo sa

pusòn at sa singit.—*Fam* Uicang ilinalapat sa tauong hindî marunong humalatâ nang mahalagang bágay.

Pendencia. *f.* Pagaáuay; pagtatalo — *Con arma blanca.* Tágaan

Pendenciar. *n* Magáuay; magtalo.

Pendenciero, ra. *adj.* Palaauay; palataló; palausap.

Pender. *n.* Mábitin ó máhintô

Pendiente. *p. a.* Ang nacabitin ó nabibitin.—*m.* Hicao.

Pendolista. *m.* Ang matuling sumúlat at mahúsay ang letra.

Pendon. *n.* Isang bágay na bandilà nang mañga sundalo cung na pa sa sa digmâ.

Péndulo, la. *adj.* *Pendiente.* Anomang bágay na nacabitin at magagalao

Peneque. *m.* *Fam.* Nalalangó.

Penetrar. *a.* Manaimtim. — *Como la herida.* Tumalab. *El agaca ó color.* Tumalamac — *Hasta lo interior el veneno.* Tumalamâ.—*r.* *La porqueria en la ropa.* Tumaib.

Península. *f.* Lupang naliliguid nang túbig, na cacauntî ang pagcaratig sa capoua lupang calac-han na pinangañganlang *tierra firme*

Peninsular. *adj.* Ang nauucol sa península.

Penisla. *f.* *Península*

Penitencia. *f.* Dusa; parusa.

Penitenciar. *a.* Magparusa ó magbigay dusa.

Penitenciario. *adj.* y *m.* Ang may tungcol na magpacumpisal sa alinmang Simbahan.

Penitenta. *f.* Nagcucumpisal ó quinucumpisal na babayi

Penitente. *adj* Ang nauucol sa parusa ó pinarurusahan. — *com.* Ang nagpepenitencia. Ang nagcucumpisal.

Peno. *m.* Tubò sa bayan nang Cartago.

Penoso, sa. *adj.* Mahírap. Ang may hírap ó nagdaramdam sáquit.

Pensamiento. *m.* Pagiísip; panimdim; aca.

Pensar. *a.* Isipin; acalain; alalahanin.

Pensativo, va. *adj.* Ang nagíisip.

Pensil. *adj.* Ang násasalalay ó nabibitin, – *m* Halamanang mariquit ó calugodlugod.

Pensión. *f.* Buis sa taón-taón nang lupà.

Pensionado, da. *m.* y *f.* Ang may buis ó nagpapabuis.

Pensionar. *a.* Magpabuis

Pensionario. *m.* Ang bumubuis.

Pensionista. *cam.* Ang naniningil nang buis. Ang na sa colegio ó isang báhay na nagbabayad sa caniyang pagaaral at quinacain.

Pentatéuco. *m.* Ang limang libro ni Moisés.

Pentecostes. *m* Capistahan nang manga judios sa pag-aalaala sa ley na ibinigay nang Panginong Dios sa bundoc nang Sinaí. Ang pagpanaog nang Dios Espíritu Santo.

Penúltimo, ma. *adj.* Malapit ó nauuna sa catapusan ó dulo.

Penuria *f.* Casalatan ng̃ anoman.

Peña. *f.* Batong malaquing hindî pa nalilinis.

Peñasco. *m.* Batong malaqui at mataas.

Peñascoso, sa. *adj.* Lugal na maraming bató.

Peon. *m.* Naglalacad. Upahan nang arao. Sundalong lacad. Alinman sa labingdalauang bató na guinagamit sa dama ó ajedrez

Peonería. *f.* Ang lupang nagagauâ nang isang tauo sa maghapon.

Peor. *adj.* Lalong masamâ.

Peoría. *f.* Pagsamâ.

Pepinar. *m.* Lugal nang maraming pepino

Pepinillo. *m.* *(Que llama de S. Gregorio).* Tabóboc.

Pepino. *m* Pipino.

Pepita. *f.* Butó ng̃ alinmang bunga.– *Que dá á la gallina.* Tigac; tola.

Pepitoso, sa. *adj.* Mabutó. Saquit nang manga manoc na ang táuag ay pepita.

Pepon. *m.* *Sandía* Pacuan.

Pequeñéz. *f.* Cauntian.

Pequeño, ña. *adj.* Muntî. Batà —*De cuerpo pero derecho.* Lipotó ó maliputó.

Pera. *f.* Búnga nang peral. Balbas sa ibabâ ng̃ labì.

Perada. *f.* Cusilbang pe ras.

Peral. *m.* Punong cáhoy.

Peraleda. *f.* Lugal na maraming punong peras.

Percibir. *a.* Tumangap nang anoman, para nang salapî ó paquinábang sa taontaon. Malasmasin ang anoman.

Percibo. *m.* Pagtangap.

Percudir. *a.* Sirain ang paimbabao ó dalapdap nang anoman, na mawalâ ang quinang ó quintab.—*r. La ropa pene trarse la porquería en ella.* Tayban.

Perder. *a.* Iualâ ó maualâ —*Algo por haberse mezclado con otras cosas.* Máuaglit. —*El principal del trato.* Mang̃ulugui. —*En el juego.* Matalo. —*r. El color.* Magmaliu; pumusiao.—*La fuerza ó sabor de la fruta.* Lumipas.—*En el camino.* Máligao.—*En la cuenta.* Malímang.

Perdición. *f.* Pagcaualâ; pagcasirà; pagcápa samâ.

Perdón. *m.* Táuad; patáuad.

Perdonar. *a.* Magpatáuad.

Perdulario, ria. *adj.* Lubhang pabayâ sa sarilíng catauan at sa caniyang mang̃a gauâ

Perdurable. *adj.* Ualang hangan. Ang sumasápit sa mahabang panahon.

Perecear. *a.* Papagluatin ó magluat dáhil sa catámaran.

Perecer. *n.* Matapos; maualâ; maghírap; maruc-hâ

Peregrinación. *m.* Pang̃ing̃ibang bayan. Panahon nang ating búhay.

Peregrinar. *n.* Mang̃ibang bayan.

Peregrino, na. *adj.* Nang̃ing̃ibang bayan. Bihirang máquita ó caibá. Daquilang dilag at ca-

gandahan.—*met.* Ang na sa buhay na itó na mapapa sa buhay na ualang hangan.

Perenne. *adj.* Ualang humpay; ualang tahan

Pereza. *f.* Tamad ó catámaran; tamlay.

Perezoso, sa. *adj* Matámarin; anyayà; tigagal; pabayâ.

Perfección. *f.* Cayarian nang anomang bágay.

Perfeccionar. *a.* Tapusing lahat.

Perfecto, ta. *adj* Ganap; túnay. — *En cualquiera cosa.* Sacdal; lubos. — *En algo.* Magandá.

Perfidia. *f.* Caliluhan; catacsilan.

Pérfido, da. *adj.* Tacsil; lilo.

Perfume. *m.* Soob; panoob; bagong naaamoy; pabangó.

Perfumería. *f.* Pinaggagauan ó pinagtitindahan nang pabangó

Pericia. *f.* Carunungan ó cabihasnan sa alinmang arte.

Perico. *m.* Táuag ó palayao sa may ngalang Pedro.

Perigallo. *m*, Lambî ó lalambî.

Perrillán, na. *adj. Fam. Pícaro, astuto*

Perito, ta. *adj.* Bihasa.

Perjudicar. *a.* Macasamâ; macasirà.

Perjudicial. *adj.* Nacasasamâ; nacasisirà.

Perjuicio. *m.* Casiraan nang puri ó pagaari.

Perjurar. *n.* y *r.* Manumpâ nang hindî dápat. Mapanumpâ.

Perjurio. *m.* Panunumpâ nang hindî totoó.

Perjuro, ra. *adj.* Ang nanunumpâ ng hindî totoó.

Perlático, ca. *adj.* Ang may saquit na perlesía.

Perlesía. *f.* Saquit sa manga lítid.

Perlino, na. *adj.* Cúlay perlas.

Permanecer. *a.* Lumagui; máparati.

Permanencia. *f.* Paglagui; pagparati.

Permanente. *adj.* Lagui ó lumagui; dati.

Permansión. *f. Permanencia.*

Permisión. *f.* Capahintulutan.

Permisivo, va. *adj.* May pahintúlot.

Permiso. *m.* Pahintúlot na macagauâ ó macapagsabi nang anomang capahintulutan.

Permistión. *f.* Pagcacáhalò nang anoman.

Permitidero. ra. *adj* May pahintúlot.

Permitir. *a.* Magpahintúlot; magpabayâ

Permuta. *f.* Pagpapalit; paghahalili.

Permutación. *f* *Permuta.*

Permutar. *a.* Magpalit; maghalili.

Perniabierto, ta. *adj.* Sacang.

Pernicioso, sa. *adj.* Malaquing pangsirà.

Pernituerto, ta. *adj.* Pilipit ang bintî

Pero. *m.* Dátapoua

Perol. *m.* Tatsó ó tachó.—*De barro* Pasô

Perpendicular. *adj.* Gúhit na patayô, na natu tuntong ang isang dulo sa capoua gúhit na nacapahalang

Perpetración. *f.* Pagcasala nang malaqui ó ang paggauâ nang casalanang daquilà.

Perpetrar. *a.* Magcásala nang malaqui ó daquilà.

Perpetuo, tua. *adj.* Dî mauualâ.

Perplejidad. *f.* Pagaalañgan nang bait.

Perplejo, ja. *adj.* Alañgan.

Perrero. *m.* Ang may tungcol nang pagpapalabas nang mañga aso sa loob nang Simbahan. Ang nagaalagà nang mañga ásong pañgaso. Ang lubhang m'aibiguing magalilà nang aso.

Perro, ra. *m* y *f.* Aso.

Perruno, na. *adj.* Nauucol sa aso

Persecución. *f* Pagúsig; pagdouahagui.

Perseguir. *a.* Usiguin; duahaguinin ang sinoman.

Perseverancia. *f.* Panatiling túnay; luat.

Perseverar. *n.* Manatili; magtanan; lumagui; magtiyagâ; magparati.

Persiano, na. *adj.* *m.* y

f. Tagá Persia ó ang caugalian doon.

Pérsico, ca. *adj.* Ang nauucol sa Persia.—*m.* Cahoy na ganoon ang táuag.

Persignarse. *r.* Magantandâ; magyaring tandâ.

Persistencia. *f.* Catiyagaan sa anomang guinagauâ.

Persistir. *n.* Magtiyagâ; magtamán.

Persona. *f.* Tauo.

Perspicacia. *f.* Catalasan nang pagtingin.

Perspicasidad. *f.* *Perspicacia.*

Perspicar. *adj.* Matalas ang matá, na nacaaabot sa malayò ang caniyang tingin.

Perspicuidad. *f* Caliuanagan, panganínag at calinisan.- *met.* Ang caliuanagan nang pangungúsap.

Perspicuo, cua. *adj.* Maliuánag; maanínag at malinis.

Persuadir. *a.* y *r.* Oralì.—*Con blandura.* Arogâ; amó-amò.

Persuasión. *f.* Paguuralì; paganyô.

Pertenecer. *n.* Mátungcol ó máucol.

Perteneciente. *adj.* Ucol; tungcol.

Pertinente. *adj.* Ang nauucol sa anomang bágay. Ang naayos ó naaayong manga uicà, na capag hindî na aayos ang tauag ay inpertinente.

Perturbación. *f.* Ligálig.

Perturbar. *a* Lumigálig.

Peruano, na. *adj.* Tagá Perú ó ang caugalian doon.

Perusino, na. *adj.* Perusa, ciudad nang Italia.

Perversidad. *f.* Lubhang casaman ó pagsirà nang arì

Perversión. *f.* Casaman at camalian nang ísip.

Perverso, sa. *adj.* Lubhang masamâ ang caasalan ó mapagsirâ ng̃ arì.

Pervertir. *a.* Magbigay ligálig ó cagúluhan sa catahimican nang mg̃a bágay. Magbigay dahilang masirà ang túnay na pananampalataya; cabánalan at mabuting caugalian.

Pesa. *f.* Panimbang; timbang para nang quintal; arroba; libra; onza. Bató; pabató nang cuerdas ng reloj; pabató nang anomang bágay.

Pesadez. *f.* Cabigatan.

Pesadilla. *f.* Bangúngot.

Pesado, da. *adj.* Mabigat; matindí; mabágal.

Pesadumbre. *f.* *Pesadez* Casucalang loob.

Pesantez. *f.* *Pesadez.*

Pesar. *m.* Dalamhatì; pighatî; lumbay. Pagsisisi. —*n.* Timbangín; tumimbang.

Pesaroso, sa. *adj* Nagdadalamhatì; may súcal sa loob. Ang nagsisisi sa nágauâ ó násalitâ

Pesca. *f.* Pangingisdâ

Pescadera. *f* Nagtitindá nang isdâ

Pescadería. *f.* Lugal na pinagtitindahan nang isdâ

Pescadero. *m.* Nagbibilí nang isdâ.

Pescadilla. *f.* Isdâ.

Pescado, da. *adj.* Isdâ. —*Blanco.* Asujos. — *En salmuera.* Bagoong.— *Aguja.* Batálay. — *De este nombre.* Quitang. — *O caraguja.* Sosuí.— *Así llamado.* Tanguingui.

Pescador. *m.* Mangingisdâ ó magiisdâ

Pescar. *a.* Mangisdâ.

Pescozada. *f.* *Pescozón.*

Pescozón. *m.* Suntoc sa liig ó sa bátoc; pagbátoc.

Pescozudo, da. *adj.* Malaquí ang bátoc.

Pescuezo. *m.* Liig.

Pesebre. *m.* Labangan.

Pesebrera. *f.* Caramihan nang labangan.

Peseta. *f.* Peseta.

Pésimo, ma. *adj.* Lubhang masamâ

Peso. *m* Bigat; timbang.

Pespuntar. *a.* Magdispunté.

Pespunte. *m.* Dispunté.

Pesquera. *f.* Pángisdaan.

Pesquería. *f.* Pangingisdâ. – *Pesquera.*

Pesquisa. *f.* Usisà; siyásat.

Pesquisar. *a.* Magusisà; sumiyásat.

Pestaña. *f.* Pilicmatá.

Pestañear. *n.* Cumisap; cumurap.

Pestañeo. *m.* Curap; quisap.

Peste. *f.* Sálot; saquit na ipinagcacamatay nang tauo ó háyop.

Pestífero, ra. *adj.* Macapipisté ó macasasálot. Ang may amoy na lubhang masamâ.

Pestilencia. *f.* *Peste.*

Pestilencial. *adj.* *Pestífero.*

Pestilente. *adj.* *Pestífero.*

Pestillo. *m.* Cáling na pansará nang pintô sa dapit loob.

Petaca. *f.* Calupî; sisidlan nang tabaco ó hitsó.

Petar. *a.* *Fam.* Magbigay touâ; magbigay lugod.

Petate. *m.* Banig.

Petición. *f.* Paghingî; cahingian; panalangin.

Petimetre, tra. *m.* y *f.* Ang sumusunod na malubhâ sa pagbubuti at sa manga bagong uso. Butihin.

Petitoria. *f.* *Fam* *Petición.*

Petitorio, ria. *adj.* Ang nauucol sa cahingian.

Peto. *m.* Baluti sa dibdib.

Petreo, ea. *adj.* *Pedregoso.*

Petroso, sa. *adj.* Mabató.

Petulancia. *f.* *Insolencia.*

Petulante. *adj.* Tampalasan.

Pez. *m.* Isdâ.

Pezón. *m.* Tangcay.—*De la fruta.* Tampoc.—*Del pecho.* Utong.

Pezuña. *f.* Cucó nang baca, calabao, tupa, báboy, na nagcacahating tila dalirì.

Piada. *f.* Siyap.

Piadoso, sa. *adj.* Maauain.

Pián pián. *adv* *Fam.* Inotinot; utayutay; untíuntî.

Piar. *n.* Sumiyapsiyap.

Piara. *f.* Munting cacanan nang báboy.

Pica. *f.* Tila sibat.

Picada. *f.* Tucâ ó súgat na gauâ nang tucâ.

Picadura. *f.* Pagtucâ. Durò.

Picante. *p.* *a.* *(Como pimiento).* Hanghang.

Picapedrero. *m.* Manlililinis ó manlalabrá nang bató. Cantero.

Picar. *a.* Tumucâ.—*Como mosquito.* Sumiguid.—*Carne ó pescado.* Tumadtad.—*De aquí y allí la gallina.* Maghinucâ; tumucâ —*El gallo á su contrario.* Pumúpog —*Con aguja.* Túsoc.—*El peje en el anzuelo.* Daui; quibit.—*Con la espina que tiene la raya ó el candole.* Mátibò—*r.* *Tomando para sí lo que se dice á otro.* Panghinguha.

Pícaro, ra. *adj.* Cúlang nang camáhalan at hiyâ; bihasa sa pagdarayà.

Pico. *m.* Tucâ.—*met.* Dulong matulis nang anomang bágay.

Picotazo. *m.* Tucâ.

Picotear. *a.* Tumucâ.

Picudo, da. *adj.* Matucâ Ngusuan.

Pichón. *m.* Inacay nang calapati.

Pidientero. *m.* Pulubi; salantâ

Pié. *m.* Paá.—*De árbol.* Punong cáhoy.—*De plátano* Sahà; tiniban; sacuá.

Piedad. *f.* Auà.

Piedra. *f.* Bató.—*Lumbre* Tauas—*Para sacar fuego.* Pantingan ó pinquian.—*Engastada en anillo* Tampoc.—*En que se afila* Táguisan; hasaan.—*Iman.* Batóbalani

Piel. *f.* Balat; cátad.

Pierna. *f.* Bintî.—*De sábana ó manta.* Papa; pinapa.

Pieza. *f.* Piraso—*De hierro con las puntas dobladas hácia abajo.* Casingay.—*De ropa.* Bulos.—*O instrumento para arrojar bala.* Baril

Pigmeo, ea. *adj m.* y *f.* Tauong sadyang pandac ó talagang mababà. Enano

Pigricia. *f.* Catámaran.

Pigro, gra. *adj.* Tamad.

Pilar. *m.* Haliguing bató.

Pilón. *m.* Asúcal na buong binubô sa pilon. Panimbang nang romana na tabas campanà.

Pillada. *f.* *Fam.* Túnay na anyô na ualang pinagaralan.

Pillaje. *m.* Pagnanacao;

pagagao.—*Germ.* Mapaglarô.

Pillar. *a.* Magnacao; mañgagao.

Pillería. *f.* Catipunan ng manga ualang pinagaralan. Matalas at bihasa.

Pimienta. *f.* Pamintá.

Pimpollo. *m.* Usbong; talbos.

Pingüe. *adj.* Malaquí; matabâ; marami.

Pintado, da. *adj.* Batic.

Pio, pia. *adj.* Ang masintahin sa Dios at maauain.—*m.* Siyap.

Piojo. *m.* *De cabeza.* Cuto. —*De ropa.* Tuma.—*De perro.* Pulgas. — *De gallina.* Hánip.

Piojoso, sa. *adj.* Macuto; cútuhin.

Pipa. *f.* Ang pinagsasalinan ó pinagtataguan nang álac para nang bariles, tunel. Cuaco, pansol ó patúpat.

Pipar. *n.* Magcuaco.

Pique. *m.* Dalamhating gáling sa pagtatalo.

Piquera. *f.* Ang bútas ó pintô nang bahay pocyotan. Ang bibig nang bariles. Ang quinasusuotan nang timsim.

Pirata. *m.* Tulisan sa dágat.—*met.* Ang ualang auà sa capágalan nang ibá.

Piratear. *n.* Mangharang; mangagagao sa dágat

Piratería. *f.* Pangangagao ó panghaharang, pagnanacao ó pagsirà nang ari nang ibá.

Pisa. *f.* Pagtápac; pagtungtong.

Pisada. *f.* Yabag.—*Recia.* Casag; tadyac.

Pisar. *a.* Yumápac. – *Sembrados.* Yumúrac.

Piscina. *f.* Pábiyayan ng isdâ. Ang pinagbabaunan ó pinagtatapunan nang túbig na bendita at iba pang isinasangcap sa pagbinyag.

Piso. *m.* Pagyápac ó tápac. Sahig.

Pista. *f.* Ang bacas nang manga háyop sa lupang dinaanan.

Pistadero. *m.* Panghápit ó hapitan nang anomang may catas.

Pistar. *a.* Humápit.

Pito. *m.* Panotsot.

Píxide. *f.* Pítac ó cabang munting pinagtataguan nang anomang bágay. Ang pinaglalagyan nḡ camahalmahalang Santísimo Sacramento.
Pizca. *f.* *Fam.* Cacurot; carampot; ó munting bahagui nang anomang bágay.
Pizcar. *a* *Fam.* *Pellizcar.*
Pizco. *Fam.* Curot; píral.
Pizpereta. *adj.* *Fam.* Babaying buhay na loob; malicsí at matalino.
Pizpireta. *adj* *Fam.* *Pizpereta*
Placabilidad. *f.* Cadaliang mapiguil ó masauatâ nḡ anomang bágay, para nḡ gálit.
Placativo, va. *adj.* Macapipiguil ó macasasauatâ.
Placentero, ra. *adj.* Masayá; maamong loob.
Placer. *imp.* Magbigay lugod — *m.* Lugod; catuaan; casáyahan.
Placible. *adj.* Nacalulugod; nacatutuâ ó nacasasayá.
Plácido, da. *adj* Tahímic.
Plaga. *f.* Ang parusa nḡ Dios ó hampas sa bayan para nang bálang; sálot; gútom.
Plagoso, sa. *adj.* Nacasusúgat.
Planchar. *a.* Magprinsá.
Planta. *f* Pananim. Talampacan
Plantación. *f.* Ang pagtatanim nang halaman.
Plantador, ra. *m* y *f.* Ang nagtatanim. Ang casangcapan sa pagtatanim.
Plantanal. *m.* Saguingan.
Plántano. *m.* Saguing.
Plantar. *a.* Magtanim.
Plantario. *m.* Punlaan.
Plantel. *m.* Lupang pinaglilipatan nang pananim.
Plantío, tía. *adj.* Matátamnan ó may tanim — *m.* Pagtatanim.
Plañidera. *f.* Babaying upahan sa pagiyac sa libing.
Plañido. *m.* Tanḡis; daing; panaghoy.
Plañil. *n.* Umiyac; tumanḡis.
Plasmar. *a* Cumapal.
Plata. *f.* Pílac.
Platanal. *m.* Saguingan.
Plátano. *m.* Ságuing.

Plática. *f.* Sálitaan. Pangangáral.
Platicar. *a.* Maquipagsálitaan.
Plato. *m.* Pingan.—*Grande.* Dinúlang.
Playa. *f* Dalampásig; tabing dágat. —*Del rio Pasig.* Pampang; tabing ilog.
Plaza. *f.* Pinagtitindahan ó tindahan bayan; parian.—*O patio de casa.* Harapan. Quinasusulatan nang nanasoc na cusà sa sundalo
Plazo. *m.* Táning na arao; lúguit; tipan; hanganan.
Pleamar. *f.* Laquí nang túbig sa dágat at ilog.
Plegadura. *f.* Cuton; cacutunan; cunot; cacunutan; pagcacunot; surì.
Plegar. *a* Magcunot; magcuton; magsurì
Pleyteador. *m.* Tacao úsap.
Pleyto. *m.* Úsap; pagtatalo.
Plenamar. *f.* *Pleamar.*
Plenario, ria. *adj* Ualang cúlang
Plenilunio. *m.* Palabâ ó cabilugan nang buan.
Plenitud. *m* Ang capupunan ó cahustuhan ng anomang bágay.
Pleno, na. *adj.* Punô
Pliegue. *m* Cuton; surì; cunot.
Plomo. *m* Tingâ —*De la atarraya.* Pabató nang dala.—*Duro.* Tingaputí.
Pluma. *f.* Panúlat.—*Negra y blanca en el cañon.* Culugó.—*De la flecha.* Púlad.
Población. *f* Cabilangan nang tauo sa bayan, provincia, ciudad. Paguiguing bayan. Bayan.
Poblado. *m* *Población.*
Pobre. *m.* Duc-hâ; salantâ.
Pobretón, na. *adj.* Lubhang duc-hâ
Pobreza. *f.* Caruc haan; casalatan.
Pobrismo. *m* Catipunan ng mga duc-hâ ó salantâ.
Pocilga. *f.* Cúlungan ng báboy.—*met.* Alinmang lugal na mabahò at macasusuclam.
Poco, ca. *adj.* Cauntî; iilan; muntî
Poda. *f.* Pagpútol nang sangang labis. Pana-

hong pagpútol nang sangá.

Podar. *a.* Putlan nang sangang lumalabis ang manga pananim at nang mamunga. Himuco.

Poder. *a.* Macapangyari; mangyari; macacaya. Bagsic; cabagsican; capangyarihan.

Poderdante. *m.* y *f.* Ang nagbibigay nang capangyarihan sa ibá.

Poderhabiente. *m.* Ang may capangyarihang macapamahalà nang arì at ibá pang catungculan.

Poderoso, sa. *adj.* Macapangyarihan.

Podredumbre. *f.* Ang nacabubuloc.

Podrición. *f.* Cabulucan ó pagcabuloc.

Podrido, da. *p. p.* Buloc; buog; marupoc; gatô.

Podrir. *a.* Mabuog; mabuloc.—*r. El harigue por el pié.* Maguipô.—*La madera.* Dumupoc; malapoc; magatô.

Poema. *m.* Tulâ.

Poesía. *f.* Librong nagtuturò nang pagtulâ.

Poeta. *f.* Mánunulâ; macathâ.

Poetastro. *m. Fam.* Masamang mánunulâ.

Poética. *f.* *Poesía.*

Poético, ca. *adj.* Ang nauucol sa poesía.

Poetisa. *f.* Babaying marunong tumulâ.

Poetizar. *n.* Tumulâ.

Polaco, ca. *adj.* Taga Polonia ó ang nauucol at caugalian doon.

Polea. *f.* Calô.

Pólice. *m.* Hinlalaquí.

Polígama. *f.* Babaying maraming asaua.

Polígamo. *m.* Lalaquing maraming asaua.

Poligloto, ta. *adj.* Librong quinasusulatan nang maraming uicà. Tauong marunong nang sarisaring uicà.

Polilla. *f.* Tangà.—*De plantas.* Tátad; ulalo.

Polín. *m.* Pangúlong.

Polisílabo, ba. *adj.* Uicà ó ngalang maraming sílaba.

Politécnico, ca. *adj.* Ang may maraming carunungan.

Política. *f.* Librong nag-

tuturò nang mabuting pamamahalà at cahusayan nang caramihan. Mabuting paguugalì

Político, ca. *adj.* Ang marúnong nang política.

Poltrón, nà. *adj.* Tauong tamad, alisagâ at caauay sa gauâ

Poltronería. *f.* Catamaran; caalisagaan; caanyayaan.

Poltronizarse. *r.* Maguing anyayà; magtamad; magalisagâ.

Polvareda. *f.* Caalicabucan.

Polvo. *m.* Alaboc; alicaboc; gaboc. — *De palay.* Guílic

Polvorear. *a.* Magbudbod; magsábog nang alaboc.

Polvoriento, ta. *adj.* Nababalot ó punô nang alicaboc.

Polvoroso, sa. *adj.* Maalicaboc

Polla. *f.* Dumalaga. Ang salaping pinagsusugalan.

Pollería. *f.* Pinagtitindahan nang manga sisiu.

Pollo. *m.* Sisiu; inacay. — *Ya medio gallo.* Tandang,

Pomezo. *f.* Batong bugà na parang bulâ.

Ponderación. *f.* Pagtimbang at pagiingat sa pagsasabi at paggauâ nang anoman. Pagpapalagui sa sabi nang anoman. Pagtimbang ng anoman.

Ponderar. *a.* Paguariin at isiping pacagalingin ang anoman; palac hin sa sabi ó purihin.

Ponderativo, va. *adj.* Ang nagpapalaquí.

Ponedera. *adj.* Manoc ó manga ibong nangingitlog na.

Poner. *a.* Ilagay. — *En el arco la flecha.* Bínit. — *La escalera.* Ibunsod; isandig. — *Algo boca abajo.* Itaob. — *Debajo de otra cosa para sostenerla.* Magsalálay ó salalayan. — *Una cosa sobre otra.* Isalálay. — *Una cosa sobre otra como olla sobre trévedes.* Isálang. — *En órden las cosas que no están.* Isálansan; itátag.

—*La escalera de lado.* Ilicuad; itaguílid ang hagdan. —*Boca arriba.* Itihayà. —*Algo en pié.* Itindig.—*Una cosa sobre otra.* Ipátong; ibabao.—*Cuidado en la guarda de algo.* Mataan; ingatan. —*En al o.* Itaas; isampá.—*Al aire ropa mojada.* Yangyang. —*La barba sobre la palma de la mano.* Mangalumbabà.—*Un gallo á vista de otro para que pelee.* Iulot.—*Leña al fuego para cebarlo.* Magdúpong.—*Una cosa encima de otra para taparla.* Isuclob ó isaclob.—*Carga sobre los hombros.* Pasan sa balícat. —*Derecho algo.* Banusin; tuirin.—*En bastidor.* Ibascagan.—*La mano sobre los ojos para mirar al sol.* Managosilao.—*Algo en hilera.* Italatag.—*Una cosa debajo de otra.* Isúcob; ipailálim. —*La mano abierta en cualquiera parte del cuerpo.* Itúcob; itutob.—*Espique para soliviar alguna cosa.* Suncalin. —*Algo á una banda por contra peso.* Itimbang. —*Los ojos en blanco.* Itíric.—*Puntal.* Magsúbay; magtúcod.—*La mano en la cintura.* Mamayauang.—*La mano en la frente.* Itutob; itúcob.—*En verso la prosa.* Tulain; cathain.—*Punto en la escritura.* Tuldican; tulducan. —*Los piés sobre algo.* Itungtong. —*Pié ó pierna sobre muslo ó pierna de otro.* Idantay. *Al soslayo.* Ihiuas. —*Una cosa en lugar de la que se perdió.* Húlipan.—*El difunto en las andas.* Ibúrol.—*Algo á la larga para que le vean.* Humara-harà; humarà. —*En cruz.* Magdipá; dumipá.—*En frente.* Tumapat. —*Tieso.* Manigas.—*El sol.* Sumibsib; lumúnod; lumubog. —*En cuatro piés.* Tumuad. —*Hermoso.* Bumuti; gumandá; dumiquit. —*A la sombra.* Sumílong. —*Al sol ó al aire para*

que le dé de lleno. Sumángab. — *Uno de la otra parte.* Cumabilâ.— *Negro lo blanco.* Mangitim.—*En pié.* Tumindig; tumayô.—*Al sol.* Magbilad.

Poniente. *m.* Calunuran.

Pontazgo. *m.* Upa sa pagdaan sa tulay.

Pontear. *a.* Gumauâ ó maglagay nang tulay.

